

Kagawaran ng Katarungan ng U.S.

Plano sa Pag-Access sa Wika



Agosto 15, 2023

[Ang pahinang ito ay sadyang iniwang blanko]

MGA NILALAMAN

PANGKALAHATANG PATAKARAN SA PAG-ACCESS NG WIKA.....	1
1. Pahayag ng Patakaran	1
2. Layunin	2
3. Awtoridad	2
4. Saklaw ng Patakaran	3
5. Mga Kahulugan.....	4
6. Mga Tungkulin at Mga Responsibilidad.....	4
7. Mekanismo sa Pagtanggap ng Feedback o mga Reklamo	4
8. Repaso at Pag-update ng Plano sa Pag-access sa Wika.....	4
MGA GABAY PARA SA PAGPAPLANO AT OPERASYONALISASYON NG PAG- ACCESS SA WIKA	5
1. Pagkilala sa mga Komunidad na may LEP at/o mga D/HOH at ang kanilang Pakikipag- ugnayan sa DOJ	6
2. Pagkilala sa mga Indibidwal na may LEP at/o mga D/HOH at an g kanilang Pangunahing Wika o Paraan ng Komunikasyon.....	7
3. Katiyakan at Kontrol ng Kalidad	7
4. Outreach at Pakikipag-ugnayan sa mga Komunidad na may LEP at/o mga D/HOH.....	9
5. Pagkuha.....	10
6. Alokasyon ng mga Mapagkukunan	10
7. Notipikasyon ng Pagkakaroon ng Serbisyong Tulong sa Wika.....	10
8. Probisyon ng mga Serbisyo sa Tulong sa Wika.....	11
9. Multilingwal at Naa-access na Digital na Nilalaman	14
10. Pagsasanay ng mga Tauhan	14
11. Mga Kasanayan sa Pag-access ng Multilingwal na Tauhan	16
12. Kooperasyong Pangkagawaran at Inter-agency	17
13. Pagsukat at Pagsusuri ng Pagganap	17
APENDIKS A: MGA DEPINISYON	18
APENDIKS B: MGA TUNGKULIN AT RESPONSABILIDAD	21

[Ang pahinang ito ay sadyang iniwang blangko]

PANGKALAHATANG PATAKARAN SA PAG-ACCESS NG WIKA

1. Pahayag ng Patakaran

- a. Ang napapanahon at tumpak na komunikasyon sa publiko ay mahalaga sa misyon ng Department of Justice (DOJ – Kagawaran ng Katarungan o Kagawaran) na itaguyod ang tuntunin ng batas, panatiliing ligtas ang ating bansa, at protektahan ang mga karapatang sibil. Ang Kagawaran ay nakatuon sa pagsusulong ng katarungan para sa lahat, kabilang ang mga indibiduwal na sa kasaysayan ay kulang na naserbisyuhan na may Limited English Proficiency (LEP - Limitadong Kasanayan sa Ingles), sa pamamagitan ng makabuluhang pag-access sa wika sa mga benepisyo, impormasyon, at mga serbisyo ng DOJ alinsunod sa Ehekutibong Kautusan 13166¹, 13985², 14031³, at 14091⁴.
- b. Ang mga Tanggapan, Kawanihan, Dibisyon (mga bahagi), at tauhan ng DOJ ay kinakailangang magplano, at gumawa ng mga makatwirang hakbang upang magkapagbigay, napapanahon⁵, tumpak, at makabuluhang pag-access sa lahat ng mga programa o aktibidad na isinagawa ng Kagawaran at ng mga entidad na tumatanggap ng tulong pinansyal ng pederal⁶ mula sa ang Kagawaran para sa mga indibidwal na LEP.
- c. Ang patakarang ito ay sumasalamin na responsibilidad ng Kagawaran, at hindi ng isang indibidwal na naghahanap ng mga serbisyo, na gumawa ng mga makatwirang hakbang upang matiyak ang makabuluhang pag-access sa lahat ng mga programa at aktibidad ng Kagawaran at upang itaguyod ang katarungan para sa mga indibidwal na nakikipag-ugnayan, o maaaring makipag-ugnayan, sa Kagawaran sa telepono, sa pamamagitan ng sulat, nang personal, o sa pamamagitan ng mga elektronikong pamamaraan⁷.
- d. Ang pagtiyak sa kalidad at katumpakan ng mga serbisyo ng tulong sa wika na ibinibigay ng Kagawaran ay kritikal sa pagbibigay sa mga indibidwal ng LEP na makabuluhang pag-access sa mga programa at aktibidad ng DOJ. Dapat iwasan ng mga tauhan ng kagawaran ang pag-asa sa mga indibidwal na walang kakayahan na magbigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika. Para sa higit pang impormasyon sa Katiyakan at Kontrol sa Kalidad, tingnan ang Gabay 3 sa ibaba.
- e. Kung naaangkop, ayon sa misyon at operasyon ng bahagi, ang mga tauhan ng Kagawaran ay gagawa ng mga makatwirang hakbang upang mabisang ipaalam sa publiko, sa isang wikang naiintindihan nila, ang pagkakaroon ng mga programa at aktibidad na magagamit sa wika, at upang magbigay ng kwalipikadong tulong sa wika nang walang gastos sa mga indibidwal na may LEP.
- f. Ang Kagawaran at ang mga bahagi nito ay dapat sumunod sa Seksyon 504⁸ ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973, na nag-aatas sa Kagawaran na gumawa ng naaangkop na mga hakbang upang matiyak na ang mga komunikasyon nito sa mga indibidwal na deaf or hard of hearing (D/HOH - bingi o hirap sa pandinig), bulag, o mayroong kapansanan sa pagsasalita ay kasing epektibo ng pakikipag-usap nito sa iba. Kasama sa Plano sa Pag-access sa Wika na ito ang pagtalakay sa pag-access sa wika para sa mga indibidwal na D/HOH dahil maraming indibidwal na D/HOH ang gumagamit ng American Sign Language (ASL)⁹, isang wikang hiwalay at naiiba sa wikang Ingles, at iba pang mga indibidwal ang gumagamit ng iba pang uri ng sign language. Dapat tiyakin ng mga bahagi ang epektibong komunikasyon para sa mga indibidwal na D/HOH na gumagamit ng ASL, ibang sign language na pagsasalin, o iba pang mga pantulong na tulong at serbisyo na naaayon sa mga kinakailangan ng Seksyon 501¹⁰ at 504 ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973.

2. Layunin

Ang layunin ng Language Access Plan (LAP – Plano sa Pag-access sa Wika o Plano) na ito ay tiyakin na ang mga bahagi at tauhan ng DOJ ay gagawa ng mga makatwirang hakbang upang matiyak ang makabuluhang pag-access sa mga benepisyo, serbisyo, impormasyon, at iba pang mahahalagang aspeto ng mga programa at aktibidad ng Kagawaran para sa mga indibidwal na may LEP.

3. Awtoridad

Alinsunod sa Ehekutibong Kautusan blg. 13166, ang bawat pederal na ahensya ay inaatasan na “suriin ang mga serbisyong ibinibigay nito at bumuo at magpatupad ng isang sistema kung saan ang mga taong LEP ay maaaring makabuluhang ma-access ang mga serbisyong iyon na naaayon sa, at nang walang labis na pasanin, ang pundamental misyon ng ahensya.” Ang mga ahensyang pederal ay dapat ding “maghanda ng isang plano upang mapahusay ang pag-access sa mga programa at aktibidad na isinagawa ng pederal...kasama ang mga hakbang na gagawin ng ahensya upang matiyak na ang mga karapat-dapat na taong LEP ay maaaring makabuluhang ma-access ang mga programa at aktibidad ng ahensya.”

Para sa mga ahensyang nagbibigay ng pederal na tulong pinansyal, ang Ehekutibong Kautusan blg. 13166 ay nag-aatas sa mga ahensyang iyon na kumilos upang matiyak na ang mga tatanggap ng pederal na tulong pinansyal ay nagbibigay ng makabuluhang pag-access sa kanilang mga aplikante at benepisyaryo na may LEP. Ang huling probisyon ay alinsunod sa mga kinakailangan ng Titulo VI ng Batas ng mga Karapatang Sibil ng 1964, na nagbabawal sa mga tatanggap ng tulong pinansyal ng pederal na madiskrimina batay sa bansang pinagmulan. Ang Plano sa Pag-access sa Wika na ito ay hindi lamang nagtitiyak sa pagpapatupad ng mga legal na kinakailangan para sa pag-access sa wika na may kinalaman sa mga programa at aktibidad ng Kagawaran, ngunit nagbibigay din ng karagdagang pangkalahatang gabay sa pag-access sa wika at mga pinakamahusay na kasanayan para sa mga bahagi sa pagsisikap na palakasin ang mga panloob na patakaran ng DOJ sa probisyon ng pag-access ng wika.

Ang Planong ito ay nagtatatag ng mga alituntunin at pamantayan alinsunod sa:

Mga Batas:

- a. Seksyon 601 ng Batas ng mga Karapatang Sibil ng 1964 (42 U.S.C. § 2000d) (Titulo VI).¹¹
- b. Mga Seksyon 501, 504, at 508¹² ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973.

Mga Ehekutibong Kautusan:

- a. Ehekutibong Kautusan 13166, *Pagpapabuti ng Pag-access sa Mga Serbisyo para sa mga Taong may Limitadong Kahusayan sa Ingles*, 65 Fed. Reg. 159, 50121 (Ago. 16, 2000).¹³
- b. Ehekutibong Kautusan 13985, *Pagsusulong ng Pagkapantay-pantay ng Lahi at Suporta para sa Mga Kulang sa Serbisyon mga Komunidad sa Pamamagitan ng Pamahalaang Pederal*, 86 Fed. Reg. 14, 7009 (Ene. 20, 2021).¹⁴
- c. Ehekutibong Kautusan 14031, *Pagsusulong ng Ekwidad, Katarungan, at Oportunidad para sa mga Asyanong Amerikano, katutubong Hawayano at taga-Islang Pasipiko*, 86 Fed. Reg. 105, 29675 (Hunyo 3, 2021).¹⁵

- d. Ehekutibong Kautusan 14091, *Karagdagang Pagsusulong ng Pagkakapantay-pantay ng Lahi at Suporta para sa Komunidad na Kulang sa Serbisyo sa Pamamagitan ng Pederal na Pamahalaan*, 88 Fed. Reg. 35, 10825 (Feb. 16, 2023).¹⁶

Mga Direktiba at Patakaran ng Abogado Heneral ng DOJ:

- a. Ang *Memorandum* ng Abogado Heneral ng Estados Unidos sa mga Pinuno ng Mga Bahagi ng Kagawaran Tungkol sa Mga Obligasyon sa Pag-access sa Wika sa ilalim ng Ehekutibong Kautusan 13166 (Hunyo 28, 2010).¹⁷
- b. Ang *Memorandum* ng Abogado Heneral ng Estados Unidos sa mga Pinuno ng Pederal na Ahensya, Mga Pangkalahatang Tagapayo, at Mga Pinuno ng Karapatang Sibil Tungkol sa Nirepasong Pangako ng Pamahalaang Pederal sa mga Obligasyon sa Pag-access sa Wika sa ilalim ng Ehekutibong Kautusan 13166 (Feb. 17, 2011).¹⁸
- c. Ang *Memorandum* ng Abogado Heneral ng Estados Unidos para sa mga Empleyado ng Kagawaran ng Katarungan sa Pagpapabuti ng Mga Pagsisikap ng Kagawaran na Labanan ang Mga Krimen ng Poot at Mga Insidente ng Poot (Mayo 27, 2021).¹⁹
- d. Ang *Memorandum* ng Abogado Heneral ng Estados Unidos sa mga Pinuno ng mga Pederal na Ahensya, Mga Pinuno ng Mga Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil at Pangkalahatang Tagapayo Tungkol sa Pagpapalakas ng Pangako ng Pamahalaang Pederal sa Pag-access sa Wika (Nob. 21, 2022).²⁰
- e. *Istratehikong Plano* ng Kagawaran ng Katarungan (2022).²¹
- f. *Planong Aksyon sa Ekwidad* ng Kagawaran ng Katarungan (2022).²²

Iba pang Kaugnay na Gabay ng DOJ:

Ang mga alituntuning ito ay idinisenyo upang matiyak ang higit na pagkakapare-pareho sa pagitan ng pagpapatupad ng pederal na ahensya ng EO 13166 at ang aplikasyon ng Titulo VI ng Batas ng Karapatang Sibil ng 1964 sa mga tatanggap ng pederal na pondo, tulad ng mga inilarawan sa:

- a. Ang inisyal na Gabay, Pagpapatupad sa LEP ng DOJ ng Titulo VI ng Batas ng mga Karapatang Sibil ng 1964 — Diskriminasyon Laban sa Pambansang Pinagmulan sa Mga Taong may Limitadong Kasanayan sa Ingles, 65 Fed. Reg. 50, 123 (Ago. 16, 2000).²³
- b. Ang sumunod na Gabay sa mga Tatanggap ng Tulong Pinansyal na Pederal na LEP ng DOJ Tungkol sa Titulo VI Prohibisyon Laban sa Pambansang Pinagmulan na Nakakaapekto sa Mga Taong may Limitadong Kahusayan sa Ingles, 67 Fed. Reg. 41,455 (Hunyo 18, 2002).²⁴

4. Saklaw ng Patakaran

Ang planong ito ay nagtatakda ng gabay para sa mga bahagi at tauhan ng DOJ tungkol sa kung ano ang dapat isama sa bawat partikular na bahagi ng LAP upang masiguro na ang mga patakaran, pamantayan, at pamamaraan sa pag-access sa wika sa buong DOJ ay tuloy-tuloy na ipinapatupad sa lahat ng mga programa at aktibidad na pederal na isinasagawa at pederal na tinutulungang programa at mga aktibidad na pinangangasiwaan o pinondohan ng DOJ.²⁵ Ang dokumentong ito ay magsisilbing pangunahing patakaran sa pag-access sa wika para sa mga bahagi na pumili na hindi maghanda ng partikular na bahagi ng LAP.

Ang gabay na kasama sa planong ito ay nilalayon na pahusayin ang panloob na pamamahala ng programa sa pag-access sa wika ng Kagawaran, at hindi lumilikha ng anumang karapatan o benepisyo, substantibo o pamamaraan, na maipapatupad sa batas o ekwidad ng isang partido

laban sa Estados Unidos, mga ahensya nito, mga opisyal nito o mga empleyado, o sinumang tao. Sapagkat ang dokumentong ito ay inilaan para sa panloob na pamamahala ng programa ng pag-access sa wika ng Kagawaran, hindi ito nilayon na banggitin sa anumang paglilitis panghukuman o administratibo. Ang pangangasiwa ng mga programang tinalakay dito ay nasa sariling pagpapasya ng Kagawaran at mga bahagi nito.

5. Mga Kahulugan

Ang mga pangunahing terminong ginamit sa planong ito ay tinukoy sa Apendiks A.

6. Mga Tungkulin at Mga Responsibilidad

Ang planong ito ay isinasagawa ng Language Access Coordinator ng Kagawaran, Language Access Working Group (DOJ LAWG – Grupong Kumikilos sa Pag-access sa Wika), mga bahagi, at mga kabahaging tauhan. Ang kanilang mga kaukulang tungkulin at responsibilidad ay inilarawan sa Apendiks B.

7. Mekanismo sa Pagtanggap ng Feedback o mga Reklamo

Anumang komento, feedback, mga tanong, o reklamo tungkol sa Plano sa Pag-access sa Wika na ito ay maaaring idirekta sa atj_languageaccess@usdoj.gov.

8. Repaso at Pag-update ng Plano sa Pag-access sa Wika

Ang mga bahagi ay dapat na ibalangkas o i-update ang kanilang espisikipkong-bahaging mga plano sa pag-access sa wika na naaayon sa DOJ LAP na ito at isumite sa DOJ LAC sa loob ng 180 araw pagkatapos pagpapalabas ng LAP na ito at anumang makabuluhang update sa LAP na ito pagkatapos. Ang bawat bahagi ay dapat panatilihin ang espisikipkong-bahaging plano sa pag-access ng wika sa webpage nito.

Ang LAP na ito, gayundin ang mga espisikipkong-bahaging LAP, ay dapat na ma-update nang hindi bababa sa isang beses bawat limang taon sa pakikipagsangguni sa DOJ Language Access Coordinator, DOJ LAWG, Dibisyon ng mga Karapatang Sibil, at mga stakeholder bilang naaangkop.

MGA GABAY PARA SA PAGPAPLANO AT OPERASYONALISASYON NG PAG-ACCESS SA WIKA

Araw-araw, ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Kagawaran at ng publiko ay maaaring may kinalaman sa mga taong may LEP at/o mga indibidwal na D/HOH. Halimbawa, ang mga tauhan ng Kagawaran ay nakikipanayam sa mga saksi, biktima, at nasasakdal sa sibil, kriminal, at administratibong mga kaso at pagsisiyasat; makipag-ugnayan sa mga bilanggo na naghahangad na ma-access ang mga pamamaraan ng karaingan sa bilangguan, pagpapayo, serbisyong pangkalusugan, relihiyon at iba pang mga akomodasyon, at programang pang-edukasyon; magdaos ng mga pagdinig sa imigrasyon at iba pang mga paglilitis sa imigrasyon, at bumuo ng mga sulat na may kaugnayan sa mga aktibidad na ito; magpanatili ng mga hotline at magtatag ng mga pamamaraan ng reklamo para sa mga miyembro ng publiko; host ng mga web page na naglalaman ng mahalagang impormasyon; maghatid ng mga bilanggo sa pagitan ng mga pasilidad at korte; makipag-ugnayan sa mga may utang, kabilang ang pagtiyak na nauunawaan nila ang impormasyon tungkol sa pagkalugi, at upang tumulong sa pagpapayo sa kredito at mga proseso sa pagtuturo sa may utang; at magsagawa ng outreach at gumawa ng mga dokumento na may kaugnayan sa mga karapatan ng mga biktima ng krimen, pangangalakal ng mga tao, masamang gawi ng pulisya, depredador na telemarketing, at maraming iba pang mahahalagang nauugnay sa misyong mga aksyon.

Isinasaalang-alang ang misyon, operasyon, at antas ng pakikipag-ugnayan ng bahagi sa publiko, dapat isaalang-alang ng mga bahagi ang mga pangangailangan ng mga indibidwal na may LEP at/o mga indibidwal na D/HOH sa panimulang bahagi ng proseso ng pagdidisenyo ng mga programa, serbisyo, at aktibidad. Ang mga bahagi na may makabuluhang pakikipag-ugnayan sa publiko ay kinakailangan upang makapaghandang isang plano sa pag-access sa wika na espisipikong- bahagi.

Ang sumusunod na labintatlong paksa ay mahahalagang elemento ng pagpapalano ng programa sa pag-access sa wika. Ang bawat paksa ay dapat na matugunan sa mga espisipikong- bahaging plano sa pag-access sa wika ayon sa klase at operasyon ng bawat bahagi. Ang anumang bahagi na nagpasyang hindi maghanda ng isang espisipikong-bahaging plano sa pag-access sa wika ay dapat sundin ng mga patakaran at prinsipyong tinalakay sa ibaba.

1. Pagkilala sa mga Komunidad na may LEP at/o mga D/HOH at ang kanilang Pakikipag-ugnayan sa DOJ
2. Pagkilala sa mga Indibidwal na may LEP at/o mga D/HOH at ang kanilang Pangunahing Wika o Paraan ng Komunikasyon
3. Katiyakan at Kontrol sa Kalidad
4. Outreach at Pakikipag-ugnayan sa mga Komunidad na may LEP at/o mga D/HOH
5. Pagkuha
6. Paglalaan ng Mga Mapagkukunan
7. Notipikasyon ng Pagkakaroon ng Serbisyong Tulong sa Wika
8. Probisyon ng Mga Serbisyo sa Tulong sa Wika
9. Multilinggwal at Naa-access na Digital na Nilalaman
10. Pagsasanay sa Tauhan
11. Mga Kasanayan sa Pag-hire at Pag-access sa Multilinggwal Tauhan
12. Kooperasyong Pangkagawaran at Interagency
13. Pagsukat at Pagsusuri ng Pagganap

1. Pagkilala sa mga Komunidad na may LEP at/o mga D/HOH at ang kanilang Pakikipag-ugnayan sa DOJ

Para magplano sa at mabisang makapagbigay ng makabuluhang pag-access sa wika sa mga indibidwal na may LEP at/o sa mga D/HOH, ang mga bahagi ay dapat tukuyin ang nangungunang mga wikang²⁶ ginagamit ng mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran o maaaring pinaglilingkuran at matukoy ang pinakakaraniwang paraan kung saan ang mga komunidad na may LEP at/ o sa mga D/HOH na nakikipag-ugnayan sa bahagi.²⁷

Ayon sa American Community Survey (ACS – Survey sa Komunidad ng Amerikano), tinatayang 3.6% ng populasyon ng U.S. ay D/HOH. Ang tamang data tungkol sa mga komunidad na D/HOH ay limitado dahil sa mga hindi pagkakapare-pareho sa kahulugan sa mga ahensyang pederal at estado, limitadong mapagkakatiwalaang mapagkukunan na kumukolekta ng datang ito, at patuloy na kakulangan sa pag-uulat.

Higit pa rito, ayon sa ACS, ang nangungunang limang wikang sinasalita sa Estados Unidos ng mga indibidwal na may LEP ay Spanish, Chinese (kabilang ang mga sinasalitang wika ng Mandarin at Cantonese at ang mga nakasulat na wika ng Simplified at Traditional Chinese), Vietnamese, Korean, at Tagalog (kabilang ang Filipino).²⁸ Dapat tukuyin ng mga tauhan ng bahagi ang mga nangungunang wikang sinasalita ng mga indibidwal na may LEP batay sa kanilang mga layunin ng programa, nasasakupan, at/o heyograpikong rehiyon, gamit ang anuman o lahat ng mga sumusunod na gamit at mapagkukunan:

- Mga mapa ng Wika at Data sa mga Komunidad na may LEP
 - LEP.gov/Maps²⁹ ay isang website na pinapanatili ng DOJ na may mga mapa ng pambansa, estado, at panghukumang distrito ng populasyon ng U.S. na may LEP ayon sa numero at konsentrasyon. Gayunpaman, ang mga kategorya ng wika ng Census na ginagamit sa mga mapa na iyon ay limitado at hindi kasama ang pinaghiwa-hiwalay na data o impormasyon sa mga indibidwal na may LEP na maaaring nagsasalita ng mga wikang hindi gaanong diffusion, piliin ang American Indian, Alaska Native, Native Hawaiian, Pacific Islander, at iba pang mga katutubong wika, at /o mga baryante ng wika.
 - Ang data mula sa iba pang pederal, estado, at lokal na ahensya ng pamahalaan, paaralan, komunidad, at mga organisasyong nakabatay sa pananampalataya ay maaari ding makatulong upang madagdagan ang data ng Census o makakuha ng mas ispisipikong mga detalye sa mga wikang ginagamit ng isang partikular na komunidad o rehiyon, kabilang ang datos na interseksyonal o pinaghiwa-hiwalay.
- Konsultasyon sa mga miyembro ng komunidad na may LEP at/o sa mga D/HOH, at mga organisasyong naglilingkod sa mga indibidwal na iyon gaya ng inilarawan sa seksyon 4 sa ibaba.
- DOJ Language Access Self-Assessment Tool,³⁰ na maaaring tumulong sa mga bahagi sa pagtukoy ng iba't ibang punto ng pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na may LEP, ang makasaysayang paggamit ng mga programa at serbisyo ng mga indibidwal na may LEP, at mgaistratehiya sa paghahatid ng mga epektibong serbisyo.

Ang mga bahagi ay maaaring humingi ng suporta mula sa DOJ Language Access Coordinator ng DOJ Dibisyon ng Pangasiwaan ng Katarungan, ang Dibisyon ng mga Karapatang Sibil, at ang

Office Access to Justice (ATJ – Tanggapan para sa Pag-access ng Katarunagan), para sa tulong sa pagtukoy sa mga komunidad na may LEP.

2. Pagkilala sa mga Indibidwal na may LEP at/o mga D/HOH at an g kanilang Pangunahing Wika o Paraan ng Komunikasyon

Ang tauhan ng bahagi ay dapat, sa unang pakikipag-ugnayan sa isang indibidwal na may LEP at/o na D/HOH, ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap na magsagawa o magsaayos para sa isang paunang pagtatasa ng pangangailangan para sa mga serbisyo ng tulong sa wika

Ang tauhan ng bahagi ay maaring determinahin kung ang isang tao ay nangangailangan ng tulong sa wika sa maraming paraan:

- Boluntaryong sariling-pagpapakilala ng indibidwal o ng kanilang kasama.
- Apirmatibong pagtatanong tungkol sa pangunahing wika ng indibidwal kung sila ay nagpakilala-ng-sarili bilang nangangailangan ng mga serbisyo ng tulong sa wika.
- Pakikipag-ugnayan ng isang kwalipikadong multilinggwal na tauhan o kwalipikadong tagapagsalin upang i-verify ang pangunahing wika ng isang indibidwal.
- Paggamit ng kard ng pagkakakilanlan o poster ng wikang “I Speak”.³¹

Sa pagtukoy ng pangunahing wika ng isang indibidwal o ninanais na paraan ng komunikasyon, mahalagang payagan ang indibidwal na ihatid ang wika kung saan sila "pinaka-epektibong nakikipag-usap," lalo na sa pagsasaalang-alang sa anumang potensyal na sensitibidad o trauma na nauugnay sa isang sitwasyon o paksang tinalakay, ang konteksto kung saan nagaganap ang pakikipag-ugnayan, at ang paraan ng pakikipag-usap (ibig sabihin, pasalita/nilagdaan laban sa nakasulat), bukod sa iba pang mga salik. Ang tauhan ng bahagi ay hindi dapat gumawa ng mga pagpapalagay tungkol sa pangunahing wika ng isang indibidwal batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, o dahil sila ay D/HOH.

Ang mga karagdagang pagsasaalang-alang kapag tinutukoy ang wika ay kinabibilangan ng:

- Pagtatanong sa indibidwal tungkol sa kanilang rehiyon, munisipalidad, nayon, o partikular na komunidad na pinagmulan, upang matiyak ang tamang pagkakakilanlan ng wika;³² at
- Pagkilala na ang mga indibidwal na D/HOH ay maaaring hindi makipag-usap gamit ang ASL at maaaring may limitadong kasanayan sa nakasulat at pasalitang Ingles. Maaaring mangailangan sila ng suporta sa isang sign language mula sa ibang rehiyon o bansa, ang pagkuha ng assistive aid, at/o ang pagkuha ng isang Bingi o Certified Deaf Interpreter (CDI – Setipikadong Tagapagsalin ng mga Bingi)

3. Katiyakan at Kontrol ng Kalidad

Ang mga bahagi ay dapat gumawa ng mga makatwirang hakbang upang masiguro na ang mga kwalipikadong multilinggwal na tauhan o mga kinontratang personnel na nagsisilbi bilang mga tagapagsalin, interpreter, o nakikipag-usap "sa-wika" sa mga indibidwal na may LEP at/o mga D/HOH ay may kakayahang gawin ito at may mga mapagkukunang kinakailangan upang matugunan ang mga kinakailangan ng Kagawaran.³³

Para sa gabay tungkol sa kasiguruhan ng kalidad na nauugnay sa epektibong komunikasyon sa mga indibidwal na D/HOH, tingnan ang *Mga Kinakailangan ng ADA: Epektibong Komunikasyon*, <https://www.ada.gov/resources/effective-communication/#crt-page--sidenav>.

Ang paggamit ng mga indibidwal na walang kakayahan ay maaaring magresulta sa paglabag sa kumpidensyalidad; conflict of interest; o di-tumpak, walang kinikilingan, o maling interpretasyon, at kung kaya ay hindi hinikikayat.

Maliban sa matinding mga pagkakataon, dapat iwasan ng tauhan ng Kagawaran ang paggamit ng mga sumusunod na indibidwal upang magbigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika:

- Mga miyembro ng pamilya (kabilang ang mga bata)
- Mga Kapitbahay
- Mga kaibigan
- Mga kakilala o bystanders
- Mga kasalungat na partido
- Mga kasalungat na mga saksi o biktima

Ang mga pagsasaalang-alang ng kakayahan para sa mga kwalipikadong multilinggwal na tauhan o mga kinontratang personnel ay maaaring kabilang ang:

- Nagpakita ng kahusayan sa at abilidad na makapagbigay ng impormasyon nang tumpak sa parehong Ingles at sa ibang wika.
- Paggamit ng naaangkop na paraan ng pagsasalin (hal., magkakasunod, sabay-sabay, o pagsasalin basa sa binabasa).
- Tumpak na pagbibigay-kahulugan o pagsasalin ng mga materyal at pagbibigay ng kahulugan gamit ang naaangkop na terminolohiya partikular sa isang bahagi ng programa o aktibidad sa wikang ginagamit ng indibidwal na may LEP.
- Pag-unawa at pagsunod sa kumpidensyalidad ng Kagawaran at iba pang naaangkop, walang kinikilingan, at mga etikal na tuntunin bilang pagsunod sa mga inaasahan ng Kagawaran.
- Kakayahang maunawaan at mapanatili ang tungkulin at pagsunod sa mga propesyonal na pamantayan para sa mga interpreter, tagapagsalin, o multilinggwal na tauhan.
- Pag-unawa sa naaangkop na paggamit ng mga kasalukuyang teknolohiya para sa pagbibigay ng tulong sa wika, kabilang ang wastong pagsusuri at paggamit ng machine translation.

Tandaan na para sa mga indibidwal na D/HOH, maaaring mangailangan ito ng isang kwalipikadong tagapagsalin ng sign language, isang Tagapagsalin ng Bingi, o isang CDI.

Para sa pagsasalin, ang mga bahagi ay dapat may kamalayan sa potensyal na pagkapagod ng tagapagsalin at ang gayong pagkapagod ay maaaring magresulta sa mga pagkakamali. Dapat isaalang-alang ng mga bahagi ang mga estratehiya upang matugunan ang pagkapagod ng tagapagsalin para sa mas mahabang paglilitis, kung saan posible, kabilang ang madalas na pahinga para sa tagapagsalin o ang paggamit ng maraming tagapagsalin.

Ang tauhan ng Kagawaran ay dapat ding isaalang-alang ang paghiling ng mga organisasyong nakabase sa komunidad o iba pang mga boluntaryo na magbigay ng mga libreng serbisyo ng tulong

sa wika. Ang mga nasabing indibidwal ay maaaring walang mga kinakailangang kasanayan, kwalipikasyon, at kaalaman sa mga prinsipyo ng propesyonal na responsibilidad upang magbigay ng tumpak, walang kinikilingan, at kumpidensyal na interpretasyon. Maaari rin itong labis na nagpapabigat sa mga tauhan at mapagkukunan ng organisasyon, maaaring maging isang regalo sa ilalim ng mga tuntunin sa etika ng pamahalaan, at/o bumubuo ng paglabag sa Batas Kontra-Kakulangan.³⁴ Ang mga bahagi ay dapat kumunsulta sa kanilang opisyal ng etika sa basehang kaso por kaso kapag ang isang boluntaryo ay nagbibigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika.

4. Outreach at Pakikipag-ugnayan sa mga Komunidad na may LEP at/o mga D/HOH

Ang mabisang outreach at pakikipag-ugnayan sa mga komunidad na may LEP at D/HOH na mga komunidad, at mga entidad na kumakatawan sa kanilang mga interes, ay mga kritikal na bahagi ng mga pagsisikap sa pagpapalano ng pag-access sa wika—parehong para mapataas ang pag-access sa mga programa at aktibidad ng bahagi para sa mga komunidad na ito, at para makatanggap ng regular na feedback sa pagpapatupad ng Kagawaran at mga bahagi ng planong pag-access ng wika o mga serbisyo ng tulong sa wika.³⁵

Kung naaangkop ayon sa natatanging misyon at operasyon ng bawat bahagi, maaaring isaalang-alang ng mga bahagi ang:

- Pagtatatag at pagpapanatili ng mga relasyon sa iba't ibang entidad na kumakatawan sa mga interes ng mga indibidwal na may LEP at/o mga D/HOH, at iba't ibang mga komunidad na karaniwan nang na-marginalize batay sa wika.
- Pagsasagawa ng naaangkop na mga pagsisikap sa outreach na idinisenyo upang ipaalam sa mga komunidad at indibidwal na may LEP at/o sa mga D/HOH tungkol sa mga programa at aktibidad ng bahagi ng DOJ.
- Pakikipag-usap ng malinaw sa pamamagitan ng nakasulat, video, at/o audio na paraan tungkol sa uri, saklaw, at mga magagamit na mga serbisyo ng tulong sa wika at kung paano humiling ng mga ito.³⁶
- Pagdaragdag ng mga pagsisikap na hikayatin ang pakikilahok ng mga komunidad na ito sa, halimbawa, mga konsultasyon ng Kagawaran, focus group, at/o mga pakikinig na sesyon, na may layuning matutunan ang tungkol sa kanilang mga alalahanin, pangangailangan, at pananaw.
- Gumawa ng mga makatwirang hakbang upang matiyak na ang mga kaganapan sa outreach sa komunidad na kinasasangkutan ng mga indibidwal na may LEP ay idinisenyo upang magbigay ng makabuluhang pag-access, kung saan ang mga indibidwal na may LEP ay maaaring lumahok, tumanggap ng impormasyon, at magbigay ng input sa kanilang (mga) pangunahing wika, at matiyak ang epektibong komunikasyon para sa D/HOH na mga indibidwal sa naturang mga kaganapan.
- Paglikha at pagpapanatili ng mga listahan ng mga di-Ingles na press para ipalaganap ang impormasyon tungkol sa mga programa at aktibidad ng DOJ.
- Pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa mga bahaging programa at aktibidad sa mga wikang di-Ingles.
- Pakikipag-ugnayan at pakikipartner sa mga stakeholder upang palakasin ang mga bahaging komunikasyon sa mga partikular na komunidad na maaaring kabilang ang mga indibidwal na may LEP at/o ang mga D/HOH.
- Pagtatatag ng isang pormal na mekanismo para makatanggap ng feedback tungkol sa kalidad ng mga serbisyo ng tulong sa wika ng bahagi.

5. Pagkuha

Ang mga bahagi na naghahanap na makakuha ng mga serbisyo ng tulong sa wika ay dapat na makipagtulungan nang higit sa kanilang Contracting Officer, Contracting Officer Representative, ang kanilang badyet at/o procurement office, at, kung kinakailangan, ang DOJ Language Access Coordinator, kapag gumagawa ng mga kinakailangan para sa mga vendor. Ang mga bahagi ay maaari ding sumangguni sa Dibisyon ng Pangangasiwa ng Katarungan upang matukoy ang mga kasalukuyang mga kontrata ng ahensya na maaari nilang gamitin.

Ang mga bahagi ay hinihikayat na ituloy ang pagbabahagi ng mapagkukunan at mga inisyatibong pagtitipid sa gastos sa buong Kagawaran para sa mga serbisyo ng tulong sa wika.³⁷ Ang mga bahagi ay maaaring sumangguni sa DOJ Language Access Coordinator upang tumulong na matukoy ang mga posibilidad sa pagbabahagi ng mapagkukunan at malaman ang tungkol sa kasalukuyang magagamit na mga serbisyo ng tulong sa wika ng DOJ.

Kung ang isang bahagi ay piniling kumuha ng mga serbisyo ng tulong sa wika, dapat tiyakin ng tanggapan ng procurement ng bahagi na ang anumang Mga Kahilingan para sa Panukala o mga kontratang tumutukoy sa mga pangangailangan ng bahagi at mga responsibilidad ng vendor na isama ang mga pamamaraan sa kontrol at pagtiyak sa kalidad, magtalaga ng pananagutan, at naglalaman ng mga probisyon sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan.

Paki sangguni sa Komite sa Pagkuha ng Mga Serbisyo sa Wika ng Gabay sa Paghiling ng Mga Serbisyo sa Banyagang Wika para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagtiyak at katumpakan ng kalidad sa pagpili ng mga serbisyo ng tulong sa wika.³⁸

6. Alokasyon ng mga Mapagkukunan

Ang mga bahagi ay dapat ikonsidera ang mga naaangkop na mapagkukunang kailangan para sa pagpapalano ng pag-access sa wika, outreach, at mga serbisyo ng tulong base sa hanay ng mga pakikipag-ugnayan ng kanilang bahagi na mayroon o maaaring mayroong mga indibidwal na may LEP at/o mga indibidwal na D/HOH.³⁹ Gaya ng pinahihintulutan ng mga apoprisayon ng kongreso at magagamit na mapagkukunan, ang mga bahagi ay dapat maghangad na maglaan ng mga mapagkukunan na naaayon sa antas ng kasalukuyan at inaasahang pakikipag-ugnayan na mayroon ang bahagi, o maaaring mayroon, sa mga indibidwal na may LEP at/o mga indibidwal na D/HOH, kabilang ang anumang inaasahang pagpapalawak ng mga serbisyo ng tulong sa wika.

7. Notipikasyon ng Pagkakaroon ng Serbisyo ng Tulong sa Wika

Kapag ang mga serbisyo ng tulong sa wika ay hindi madaling makuha o ang mga indibidwal ay hindi alam na ang mga serbisyo ng tulong sa wika ay libre at magagamit, ang mga indibidwal na may LEP at/o mga taong D/HOH ay mas malamang na lumahok o makinabang mula sa mga programa at serbisyo ng bahagi. Bilang resulta, maraming indibidwal na may LEP at/o mga D/HOH ang maaaring hindi maghanap ng mga benepisyo, programa, impormasyon, at serbisyo ng bahagi; maaaring hindi mag-alok ng mahalagang tulong sa mga pagsisiyasat o impormasyon na makakatulong sa pagtukoy ng karapatan o pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo; at maaaring hindi magsampa ng mga reklamo.

Kung aplikable ayon sa misyon at operasyon ng bahagi, ang bawat bahagi ay dapat gumawa ng mga makatwirang hakbang upang magbigay ng pampublikong paunawa kung paano makakuha ng

mga libreng serbisyo ng tulong sa wika. Ang impormasyong ito ay dapat na ialok sa iba't ibang mga medium (halimbawa, signage, nakalimbag at elektronikong materyal, Korespondensya o pagpapadala ng mga mahahalagang dokumento, social media, radyo, atbp.) sa pakikipag-konsultasyon sa mga tauhan ng programa, outreach, at ugnayang pampubliko gayundin sa mga apektadong komunidad. Dapat itong ialok sa hindi bababa sa (mga) nangungunang wikang sinasalita ng mga indibidwal na may LEP batay sa layunin ng programa, nasasakupan ng bahagi, at/o heyograpikong lugar.

Sa mga materyal na nakalahad sa publiko, hinihikayat ang mga bahagi na magsama ng mga multilinggwal na tagline upang maengganyo ang mga indibidwal, kabilang ang mga hindi nagsasalita ng mga nangungunang natukoy na wika, na maabisuhan tungkol sa pagkakaroon ng mga serbisyo ng tulong sa wika at malaman kung paano humiling ng anumang mahalagang impormasyon na ibinigay.⁴⁰

Sa mga kaso kung saan ang wikang ginagamit ng mga indibidwal na may LEP ay pasalita na walang anyong nakasulat o kung saan ang indibidwal na may LEP na siniserbisuhan ay nagpapakita ng mababang literidad, maaaring isaalang-alang ng mga bahagi ang paggamit ng mga video o audio recording ng notipikasyon ng pagkakaroon ng mga serbisyo ng tulong sa wika. Maaari ring makinabang sa mga video recording ang mga indibidwal na D/HOH.⁴¹ Ang notipikasyong ito ay maaari ring ibigay gamit ang mga kasalukuyang gamit at plataporma, tulad ng mga isinaling dokumento sa website, QR code, at interpreter-mediated stakeholder outreach.⁴²

Ang mga bahagi ay hinihikayat na isama sa kanilang mga pampublikong abiso ang isang partikular na punto ng pakikipag-ugnayan para sa pagkuha ng mga serbisyo ng tulong sa wika. Ang puntong ito ng pakikipag-ugnayan ay maaaring isang opisina, kinatawan, email address, o numero ng telepono.

Hinihikayat ang mga bahagi na mag-post ng espisipikong bahagi ng mga plano sa pag-access sa wika at mga patakaran sa webpage ng bahagi sa mga wikang naiintindihan ng mga indibidwal na may LEP at/o mga D/HOH. Katulad ng, multilinggwal, at naa-access na mga kopya ng Plano ng Pag-access ng Wika ng Kagawaran sa website.

8. Probisyon ng mga Serbisyo sa Tulong sa Wika

Ang pangangailangan para sa mga serbisyo ng tulong sa wika ay nag-iiba ayon sa bahagi. Ang bawat bahagi sa gayun ay magbibigay ng naaangkop na patnubay sa kanilang mga tauhan kung paano iseguro ang mga serbisyo sa pag-access sa wika na tutugon sa mga pangangailangan ng bahagi.⁴³ Kung naaangkop, dapat isaalang-alang ng mga bahagi ang paggamit ng kumbinasyon ng mga serbisyo ng tulong sa wika upang magbigay ng makabuluhang pag-access. May tatlong iba't ibang paraan kung saan maaaring magbigay ng tulong sa wika ang mga tauhan ng bahagi: direktang serbisyo sa wika, interpretasyon, at pagsasalin.

a. Direktang Serbisyo sa Wika

Kung walang matinding mga pangyayari, ang mga bahagi ay lubos na hindi hinihikayat na payagan ang mga empleyado na hindi pa pormal na nasuri para sa kanilang mga kasanayan sa multilinggwal na magbigay ng mga direktang serbisyo sa wika.⁴⁴ Ang mga hindi kwalipikadong tauhan ay maaaring magbigay ng maling impormasyon, magpasimula ng mga conflict of interest o iba pang etikal na alalahanin, o makaranas ng iba pang potensyal na negatibong kahihinatnan para sa Kagawaran at/o ang indibidwal na may LEP.

b. Interpretasyon

Kung naaangkop ayon sa misyon at operasyon ng bahagi, dapat na maging handa ang mga bahagi na magbigay ng mga kwalipikadong tagapagsalin, nang walang bayad, nang personal man, over-the-phone, o sa pamamagitan ng video remote na teknolohiya upang makipag-ugnayan sa mga indibidwal na may LEP.⁴⁵

Habang ang mga indibidwal na may LEP at/o yaong mga D/HOH ay may karapatang tumanggi sa mga serbisyo ng tulong sa wika, hinihikayat ang mga tauhan ng bahagi sa mga sitwasyong ito na ulitin ang patakaran ng Kagawaran upang matiyak ang makabuluhang pag-access at magbigay ng mga serbisyo nang walang bayad. Ang gayong pagtanggap ay dapat na idokumento.

Kapag nag-aayos o humihiling ng mga serbisyo ng interpretasyon, ang mga tauhan ng bahagi ay dapat gumawa ng lahat ng pagsisikap upang tiyakin kung ang ibinigay na tagapagsalin ay tumutugma sa wika at/o baryante ng wika na ginagamit ng (mga) indibidwal na may (mga) LEP at nauunawaan nila ang isa't-isa ng lubusan.

Ang mga bahagi ay dapat ding magbigay ng pangunahing pagsasaalang-alang sa paraan ng komunikasyon na gusto ng isang indibidwal na D/HOH. Alinsunod sa pamamaraang iyon na maaaring kailanganin na gumamit ng isang Tagapagsalin ng Bingi, Certified Deaf Interpreter (CDI - Sertipikadong Tagapagsalin ng Bingi), Communication Access Real-Time Translation (CAR), o ibang auxiliary aid o serbisyo na hiniling ng indibidwal.⁴⁶

Ang DOJ ay may mga kontrata sa mga vendor para magbigay ng interpretasyon sa maraming wika. Ang mga bahagi ay maaaring sumangguni sa DOJ Language Access Coordinator tungkol sa mga serbisyonang ito.

c. Pagsasalin

Ang Kagawaran ay inuuna ang pagsasalin ng mahahalagang dokumento. Ang pag-uuri ng isang dokumento bilang "mahalaga" ay nakasalalay sa kahalagahan ng programa, impormasyon, engkwentro, o serbisyonang kasangkot, at ang kahihinatnan sa indibidwal na may LEP kung ang impormasyong pinag-uusapan ay hindi ibinigay nang tumpak o sa isang napapanahong paraan.⁴⁷ Ang mga bahagi ay may diskresyon upang tukuyin kung anong mga dokumentong itinuturing na "mahalaga."

Mayroong dalawang natatanging uri ng mahahalagang dokumento: (1) iyong para sa pangkalahatang publiko o malawakang pangmadla, at (2) yaong mga partikular na komunikasyon tungkol sa isang kaso o usapin sa pagitan ng isang indibidwal at ng Kagawaran.

Ang mga mahahalagang dokumento na inilaan para sa pangkalahatang publiko, o isang malawakang pangmadla ay maaaring kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:⁴⁸

- Pampublikong outreach o mga materyal na pang-edukasyon.
- Mga pormularyo ng paghahabol o aplikasyon kasama ang kanilang mga tagubilin.
- Mga pormularyo o nakasulat na materyal na may kaugnayan sa mga indibidwal na karapatan.
- Mga abiso ng outreach o mga pagpupulong o pagsasanay sa komunidad.
- Mga press release na nagpapahayag ng mga aktibidad o mga bagay na nakakaapekto sa mga komunidad na may LEP.

- Mga abiso tungkol sa pagkakaroon ng mga serbisyo ng tulong sa wika na ibinibigay ng bahagi nang walang bayad sa mga indibidwal na may LEP, kung saan naaangkop ayon sa misyon at operasyon ng bahagi.
- Ang ilang partikular na mga utos ng pahintulot, dekri, Memoranda ng Kasunduan, o iba pang uri ng mga samo o mga materyal sa paglilitis.

Ang mga bahagi ay hinihikayat na isalin ang mahahalagang dokumento para sa pangkalahatang publiko sa mga nangungunang wika, bilang kinakailangan, at isaalang-alang ang pagsasalin sa ibang mga wika kung naaangkop batay sa layunin ng programa, nasasakupan, at/o heyograpikong rehiyon.⁴⁹

Ang mga mahahalagang dokumento na ispisipiko sa isang kaso o usapin sa pagitan ng isang indibidwal at ng Kagawaran ay maaaring kasama, ngunit hindi limitado sa:

- Mga abiso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad na may kaugnayan sa kaso.
- Mga reklamong administratibo, pagpapalabas, o mga pormularyo ng pagtalikod.
- Mga liham ng mga natuklasan.
- Mga liham o abiso na nauukol sa mga batas ng mga limitasyon, mga referral sa iba pang pederal na ahensya, isang desisyon na tumanggi na mag-imbetiga sa isang kaso o usapin, o pagsasara ng isang pagsisiyasat, kaso, o usapin.
- Mga nakasulat na paunawa ng mga karapatan, pagtanggap, pagkawala, o pagbaba ng mga benepisyo o serbisyo, parol, at iba pang mga pagdinig.

Sa ilalim ng karaniwang mga pangyayari, ang mga materyal na pangunahing nakadirekta sa mga korte, abogado, tagapagtaguyod ng hukuman, arkitekto, pulis, o iba pang mga propesyonal ay hindi ituring na "mahalaga" para sa mga layuning ito (kabilang dito ang mga paghaharap sa korte na nauugnay sa paglilitis o mga kasong kriminal). Ang mga bahagi o subkomponson ng departamento na may mga pangunahing tungkulin sa paglilitis ay maaari ding sumailalim sa mga naaangkop na legal na pamantayan na maaaring mag-iba batay sa mga nauugnay na lokal na panuntunan ng pederal. Ang mga bahagi ay kinakailangang magabayan ng mga legal na pamantayang iyon sa paggawa ng mga desisyon tungkol sa pagsasalin, at ang planong ito ay hindi nilayon na palitan o baguhin ang mga kinakailangang iyon.

Ang bawat bahagi ay dapat bumuo ng sarili nitong pamantayan para sa pagtukoy ng mga mahahalagang dokumento at pagbibigay-pryoridad sa mga wika para sa kanilang pagsasalin. Para sa mga mahahalagang dokumento na naglalayon sa isang pambansang kapulungan, inirerekumenda na magsimula ang mga bahagi sa pagsasalin ng mahahalagang impormasyon sa mga nangungunang wikang sinasalita ng mga indibidwal na may LEP.⁵⁰ Ang mga bahagi ay hinihikayat na suriin muli ang mga pamantayang ito sa tuwing susuriin at i-update nila ang kanilang mga plano sa pag-access sa wika.

Ang mga bahagi ay dapat ding tiyakin na ang lahat ng mga pagsasalin ay kinumpleto ng mga kwalipikadong tagapagsalin.⁵¹ Dapat iwasan ng mga bahagi ang paggamit ng makinang pansalin lamang ng walang pagsusuri ng tao at kontrol sa kalidad. Sa partikular, hindi hinihikayat ang makinang pansalin kapag ang impormasyong ipinaabot ay importante sa mga karapatan o benepisyo ng isang tao; kapag ang katumpakan ay mahalaga; o kapag ang mga mapagkukunang materyal ay gumagamit ng hindi literal na wika (tulad ng slang o metapora), may hindi malinaw na gramatika o istraktura, naglalaman ng mga pagdadaglat o mga acronym, o kumplikado, teknikal, o masalita.⁵²

Ang mga indibidwal na may LEP at/o mga D/HOH na gustong ma-access ang mga serbisyo ng Kagawaran ay maaaring hindi marunong bumasa at sumulat ng laganap na nakasulat na wika sa kanilang bansang pinagmulan, o ang kanilang mga wika ay maaaring walang pasulat na anyo na ang isinaling materyal ay hindi magiging isang epektibong paraan ng pakikipag-usap sa kanila. Para sa mga indibidwal na may LEP, maaaring naisin ng mga bahagi na isaalang-alang ang sight translation, interpretasyon, o komunikasyong audio/video. Para sa mga indibidwal na D/HOH, ang mga bahagi ay dapat magtanong tungkol sa gustong paraan upang maghatid ng impormasyon na karaniwang mayroon sa nakasulat na anyo.⁵³

Sa pagkilala na ang pagsasalin ng mahahalagang dokumento ay maaaring magastos at maraming oras, ang mga bahagi ay hinihikayat na humingi ng input ng stakeholder sa pagtukoy kung aling mga dokumento ang dapat unahin para sa pagsasalin.

9. Multilinggwal at Naa-access na Digital na Nilalaman

Ang mga bahagi ay dapat gumawa ng mga makatwirang hakbang upang matiyak ang makabuluhang pag-access para sa mga indibidwal na may LEP sa digital na nilalamang ginawa ng bahagi, halimbawa multilinggwal at naa-access na nilalaman sa mga pampublikong website at mga elektronikong dokumento na naglalaman ng impormasyon tungkol sa:

- Ang hurisdiksyon at misyon ng bahagi.
- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan, kabilang ang kung paano makipag-ugnayan sa Kagawaran o bahagi upang mag-ulat ng kriminal na aktibidad o mga paglabag sa batas, mag-access ng impormasyon para sa mga biktima ng krimen, o mag-ulat at tukuyin ang mga nawawalang tao.
- Paano maghain ng reklamo (kabilang ang mga pormularyo at tagubilin upang punan ang mga pormularyong iyon).⁵⁴
- Mga press release at mahahalagang anunsyo na nakakaapekto sa mga komunidad na may LEP.
- Materyal na pang-edukasyon para sa mga indibidwal o komunidad tungkol sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng batas.

Ang mga bahagi ay hinihikayat na makipagtulungan sa kanilang internal web content staff at ang Office of the Chief Information Officer (OCIO -Tanggapan ng Opisyal ng Punong Impormasyon) upang pana-panahong tasahin at subaybayan ang isinaling digital na nilalaman upang mapabuti ang makabuluhang pag-access para sa mga taong may LEP.⁵⁵

Ang Kagawaran at ang mga bahagi nito ay dapat ding sumunod sa Seksyon 508 ng Batas ng Reabilitasyon ng 1973 (Seksyon 508), na nag-aatas sa mga ahensyang pederal na tiyakin na ang kanilang elektronikong at impormasyong teknolohiya, kabilang ang mga website, elektronikong dokumento, at software application, ay naa-access ng mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang mga bahagi ay dapat makipagtulungan sa OCIO upang matiyak na ang isinalin na digital na nilalaman ay nakakatugon sa mga kinakailangan ng Seksyon 508.

10. Pagsasanay ng mga Tauhan

Ang mga tauhan ng Kagawaran ay kailangang malaman kung paano magbigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika. Para ang mga patakaran at pamamaraan ay maging epektibo, dapat tiyakin ng mga bahagi na ang mga bago at kasalukuyang miyembro na tauhan ng bahagi ay tumatanggap ng pana-panahong pagsasanay sa pag-access sa wika at epektibong komunikasyon na nauugnay sa kanilang

mga tungkulin sa trabaho. Ang mga bahagi ay dapat na tandaan ang mga pangangailangan sa pagsasanay sa pag-access sa wika kapag tinatasa ang mga kinakailangang propesyonal na pagpapaunlad para sa lahat ng tauhan.

Kung aplikable ayon sa misyon at operasyon ng bahagi, ang mga tauhan ay dapat sanayin sa:

- Pagkilala sa mga indibidwal na may LEP at mga ispesipikong wikang kailangan.
- Pagkilala sa mga indibidwal na D/HOH at ang kanilang mga gustong paraan ng komunikasyon.
- Ang mga legal na kinakailangan sa pag-access sa wika para sa mga indibidwal na may LEP.
- Ang mga legal na kinakailangan sa epektibong komunikasyon para sa mga indibidwal na D/HOH.
- Ang mga patakaran at plano sa pag-access sa wika ng DOJ at bahagi, kabilang ang kung paano at kailan maa-access ang mga serbisyo ng tulong sa wika.
- Pag-access at pagbibigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika sa pamamagitan ng mga kwalipikadong tauhan multilinggwal, mga in-house interpreter at tagasalin, o mga kinontratang personnel.
- Paggamit ng simpleng wika.⁵⁶
- Pinakamahuhusay na mga kagawian sa pakikipagtulungan sa mga tagapagsalin ng personal, sa telepono, o sa pamamagitan ng mga video remote platform.
- Pinakamahuhusay na kagawian para sa pakikipagtulungan sa mga tagasalin.
- Etika ng tagapagsalin.
- Kagalingang pangkultura.
- Pinakamahuhusay na kagawian para sa pagsubaybay sa paggamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika.
- Pinakamahuhusay na kagawian para sa pagbibigay ng makabuluhang tulong sa wika sa mga indibidwal na may LEP.
- Pinakamahuhusay na kagawian para sa epektibong komunikasyon sa mga indibidwal na D/HOH.

Ang mga bahagi ay hinihikayat na mag-alok ng teknikal na pagsasanay sa mga kwalipikadong multilinggwal na tauhan (hal., etika ng interpreter, interactive na online na kurso sa pag-access sa wika, atbp.) upang mapanatili at mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa tulong sa wika.

Ang DOJ Language Access Coordinator, sa pakikipagtulungan sa DOJ LAWG, ay mag-a-update ng pagsasanay sa pag-access sa pangunahing wika ng DOJ⁵⁷ na dapat gamitin ng mga bahagi upang sanayin ang mga tauhan na may potensyal sa pakikipag-ugnayan o pakikipag-usap sa mga naturang indibidwal, bilang naaangkop.

Ang mga bahagi ay dapat tasahin ang pinakamabisang paraan para sa pag-aalok ng pagsasanay sa tauhan, at ang dami at dalas ng pagsasanay na kinakailangan batay sa antas ng pakikipag-ugnayan ng tauhan ng bahagi sa mga indibidwal na may LEP at/o sa mga D/HOH.⁵⁸

11. Mga Kasanayan sa Pag-access ng Multilinggwal na Tauhan

Ang Kagawaran ay pinapahalagahan ang mga kasanayan ng mga multilinggwal na tauhan nito. Kabilang sa mga kwalipikadong multilinggwal na empleyado ang mga tauhan na ang mga deskripsyon ng trabaho ay kinabibilangan ng pagbibigay ng direktang komunikasyon sa wika at tulong sa wika, at mga tauhan na nagboluntaryong gamitin ang kanilang mga tinasang kasanayan sa wika sa ngalan ng Kagawaran.

Kapag gumagawa ng mga desisyon tungkol sa pagkuha o paggamit ng mga tauhang multilinggwal, ang bawat bahagi ay dapat:

- Tasahin ang lawak kung saan ang kasanayan sa wikang di-Ingles sa mga partikular na wika ay kinakailangan o ninanais para sa mga partikular na posisyon o upang matupad ang misyon ng bahagi.⁵⁹
- Isaalang-alang ang pagbabago sa mga deskripsyon ng trabaho, mga posting, at mga rate ng bayad para sa mga tungkulin na nakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na may LEP upang isama ang kasanayan sa wika bilang isang ipinaalam na kinakailangan sa posisyon sa pamamagitan ng pagtatasa ng mga pangangailangan sa wika ng bahagi.
- Tiyakin na ang mga kasanayan sa pag-hire ay walang diskriminasyon laban sa mga indibidwal na D/HOH, kabilang ang pagtiyak ng pagsunod sa Seksyon 501 ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973, at pagkilala na ang mga indibidwal na ito ay maaaring mag-alok ng mahahalagang impormasyon tungkol sa epektibong komunikasyon sa mga indibidwal na D/HOH.
- Tukuyin, tasahin, at paunlarin ang mga kasanayan sa wika ng mga kwalipikadong multilinggwal na empleyado, bilang naaangkop.
- Mag-alok ng teknikal na pagsasanay sa mga kwalipikadong multilinggwal na tauhan (hal., etika ng interpreter, pagsasanay sa translation, pagsasanay sa pagsasalin, atbp.) upang mapanatili at mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa tulong sa wika, bilang naaangkop.

Ang mga tauhan ng kagawaran ay dapat alalahanin ang propesyonal na responsibilidad at etikal na implikasyon ng umaasa sa multilinggwal na internal na tauhan upang magbigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika sa mga piling kaso. Kapag nagpasya ang mga bahagi na gumamit ng mga empleyado na ang mga tungkulin sa trabaho ay hindi pa kasama ang pagbibigay ng mga serbisyo ng tulong sa pasalitang wika upang magbigay ng mga naturang serbisyo, dapat silang kumunsulta sa DOJ Language Access Coordinator at sa Yunit ng Pagsubok at Pagtatasa ng Wika ng FBI upang talakayin ang pagsubok sa wika, alamin ang tungkol sa mga proseso ng pagtatasa ng wika, at magtatag ng mga kinakailangan na kwalipikasyon na partikular sa bahagi.⁶⁰

Ang bawat bahagi ay dapat subaybayan ang komposisyon ng mga umiiral at bagong kwalipikadong multilinggwal na tauhan sa pamamagitan ng mga wikang di-Ingles na sinasalita at antas ng pasalita at nakasulat na kasanayan. Ang pagpapanatili ng isang imbentaryo ng mga kwalipikadong multilinggwal na tauhan ay maaaring maging kapaki-pakinabang para sa hinaharap na mga hakbangin sa pagbabahagi ng mapagkukunan sa loob at sa pagitan ng mga bahagi. Hinihikayat din ang mga tagapamahala na isaalang-alang ang tagal ng oras na ginugol ng isang empleyado sa pagbibigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika kapag tinatasa ang dami ng trabaho at produktibidad.

12. Kooperasyong Pangkagawaran at Inter-agency

Ang mga bahagi ay hinihikayat na makipagkolaborasyon sa isa't isa at sa iba pederal na ahensya upang magbahagi ng mga mapagkukunan, ipatupad ang pinakamahuhusay na kagawian, pagbutihin ang kahusayan, at isunod sa pamantayan ang pederal na terminolohiya.

Ang Kagawaran ay sumusuporta sa pagbabahagi ng mga magagandang kasanayan at pagtuklas ng mga hakbangin na pang-buong Kagawaran at interagency na posibleng maging mas epektibo at magpabuti ng ating kakayahang magbigay ng makabuluhang pag-access sa mga indibidwal na may LEP at/o mga D/HOH. Sa layuning iyon, ang DOJ LAWG ay tutukoy, magbubuo, at mamamahagi ng mga kapaki-pakinabang na mapagkukunan at materyales.

13. Pagsukat at Pagsusuri ng Pagganap

Ang mga bahagi ay dapat pana-panahong muling suriin at, kung naaangkop, i-update ang kanilang mga plano sa pag-access sa wika upang matiyak na ang saklaw at uri ng mga serbisyo ng tulong sa wika na ibinigay sa ilalim ng plano ay naglalarawan ng nabagong impormasyon sa mga kaugnay na populasyon ng LEP, mga pangangailangan sa tulong sa wika ng bahagi, mga pagbabago sa teknolohiya, at ang karanasan ng bahagi sa ilalim ng plano.

Ang mga bahagi ay dapat isaalang-alang ang pangangalap ng data upang masuri ang pagiging epektibo ng mga serbisyo ng tulong sa wika ng bahagi. Maaaring kabilang dito ang:

- Pagsasagawa ng imbentaryo ng mga wikang pinakamadalas makatagpo.
- Pagtukoy sa mga pangunahing paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng komunidad ng LEP (telephonic man, personal, sulat, web-based, atbp.).
- Pagtukoy sa lawak kung saan ang mga serbisyo ng tulong sa wika ay hiniling, kailangan at/o na-aaccess ng mga indibidwal na may LEP.
- Pagsusuri ng mga plano at protocol.
- Pagrepaso sa taunang halaga ng mga serbisyo ng pagsasalin at tagapagsalin, at
- Pagkonsulta sa mga panglabas na stakeholder.⁶¹

Sa abot ng makakaya ang mga bahagi ay nangangalap ng data sa pamamagitan ng mga pamamaraan na tinukoy sa itaas o sa iba pang mga paraan, ang mga tauhan ng bahagi ay dapat isaalang-alang ang pagtukoy at pagsubaybay sa pangunahing wika ng mga indibidwal na may LEP at mga mas-ibig na paraan ng komunikasyon ng mga indibidwal na D/HOH na naghahanap at tumatanggap ng mga programa at mga serbisyo ng bahagi upang imapa ang mga komunidad at malaman ang tungkol sa mga pangangailangan ng wika ng mga komunidad.

Ang mga bahagi ay dapat sumangguni sa DOJ Language Access Coordinator at ATJ para sa teknikal na tulong at suporta sa pagbuo ng mga sukatang ito.⁶²

APENDIKS A: MGA DEPINISYON

Ang Kagawaran ay gumagamit ng mga sumusunod na termino gaya ng tinukoy sa ibaba para sa mga layunin ng planong ito:

- a. **Certified Deaf Interpreter** (CDI – Sertipikadong Tagapagsalin ng Bingi). Isang indibidwal na bingi o mahina ang pandinig (D/HOH) at nasertipikahan ng Listahan ng mga Tapagsalin para sa mga Bingi bilang isang tagapagsalin.⁶³
- b. **Communication Access Real-Time Translation (CART - Pag-access sa Komunikasyon sa Tunay-na-Oras na Pagsasalin)**. Ang agarang pagsasalin ng binabangit na salita sa tekstong Ingles gamit ang isang stenotype machine, notebook computer at real-time software. Ang tekstong nabuo sa pamamagitan ng serbisyong CART ay maaaring ipakita sa monitor ng computer ng isang indibidwal, ipapakita sa isang screen, kasama ng isang video presentation na lalabas bilang mga caption, o kung hindi man ay magagamit gamit ang iba pang transmission at display system.
- c. **Deaf/deaf** (D/d - Bingi/bingi). Ang malaking titik na Bingi ay nagsasaad ng isang partikular na grupo ng mga taong bingi at may kaparehong wika at kultura; Ang maliit na titik na bingi ay tumutukoy sa audiological na kondisyon ng hindi pandinig. Ang isang indibidwal na deaf or hard of hearing (D/HOH - bingi o mahina ang pandinig) ay maaari ding may limitadong kasanayan sa pasalita o pasulat na Ingles at maaaring hindi bihasa sa ASL o anumang iba pang kinikilalang sign language.
- d. **Binging Tagapagsalin**. Isang espesyalista na nagbibigay ng kadalubhasaan sa kultura at lingguwistika. Ang isang Binging Tagapagsalin ay nagbibigay ng serbisyo ng interpreting, pagsasalin, at transliterasyon sa mga sign language (o nakasulat na wika) at iba pang visual at tactual na paraan ng komunikasyon na ginagamit ng mga indibidwal na Bingi, Bingi-Bulag, Bingi-May Kapansanan, Hirap sa Pandinig, o Nabingi sa Katagalan.⁶⁴
- e. **Direktang "In-Language" na Komunikasyon**. Monolinggwal na komunikasyon sa isang wika maliban sa Ingles sa pagitan ng isang multilingguwal na tauhan at isang taong may LEP (hal., Koreano sa Koreano).
- f. **Mabisang Komunikasyon**. Para sa mga komunikasyon sa may kapansanan, ito ay tumutukoy sa mga tulong at serbisyo upang matiyak na ang komunikasyon sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga taong D/HOH, ay kasing epektibo ng komunikasyon gaya ng para sa mga taong walang kapansanan.⁶⁵
- g. **Ekwidad**. Ang pare-pareho at sistematikong patas, makatarungan, at walang kinikilingan na pagtrato sa lahat ng indibidwal, kabilang ang mga indibidwal na kasama sa mga komunidad na kulang sa serbisyo na di nabigyan ng gayong pagtrato, gaya ng mga Itim, Latino, at Indigenous at Katutubong Amerikano na mga tao, mga Asyanong Amerikano at mga Taga-Islandya ng Pasipiko at iba pang mga tao na may kulay; mga miyembro ng relihiyosong minoritya; lesbiyana, bakla, bisexual, transgender, at queer (LGBTQ+) na mga tao; mga taong may kapansanan; mga taong nakatira sa mga rural na lugar; at mga taong naapektuhan ng patuloy na kahirapan o hindi pagkakapantay-pantay.⁶⁶
- h. **Hard of hearing** (HOH – Hirap sa Pandinig). Isang taong nakakaranas ng pagkawala ng pandinig mula sa banayad hanggang sa matindi. Ang isang indibidwal na bingi o mahina ang pandinig (D/HOH) ay maaari ring magkaroon ng limitadong kasanayan sa pasalita o pasulat na Ingles at maaaring hindi bihasa sa ASL o anumang iba pang kinikilalang sign language.
- i. **Interpretasyon**. Ang gawaing pakikinig, pag-unawa, pagsusuri, at pagproseso ng pasalitang komunikasyon sa isang wika (pinagmulang wika) at pagkatapos ay saktong binibigyang-kahulugan

nito sa isa pang pasalitang wika (target na wika) habang pinapanatili ang parehong kahulugan. Para sa mga indibidwal na D/HOH, maaaring kabilang dito ang pag-unawa, pagsusuri, at pagproseso ng sinasalita o nilagdaang komunikasyon sa pinagmulang wika at matapat na paghahatid ng impormasyong iyon sa isang pasalita o signed target language habang pinapanatili ang parehong kahulugan.

j. **Limited English Proficiency (LEP - Limitadong Kahusayan sa Ingles).** Inilalarawan ang mga indibidwal na:

a. hindi nagsasalita ng Ingles bilang kanilang pangunahing wika; at

b. may limitadong kakayahang magbasa, magsulat, magsalita, o umunawa ng Ingles.⁶⁷

Ang mga indibidwal na may LEP ay maaaring may kakayahan sa Ingles para sa ilang uri ng komunikasyon (hal., pagsasalita o pag-unawa), ngunit may limitadong kasanayan sa Ingles sa ibang mga lugar (hal., pagbabasa o pagsusulat). Ang mga pagtatalaga ng LEP ay ispisipiko din sa konteksto; ang isang indibidwal ay maaaring may sapat na mga kasanayan sa wikang Ingles upang maayos na makagalaw sa isang tagpo (hal., pakikipag-usap sa Ingles sa mga katrabaho), ngunit ang mga kasanayang ito ay maaaring hindi sapat sa ibang mga tagpo (hal., pagtugon sa mga paglilitis sa korte). Ang isang indibidwal na D/HOH ay maaari ding may limitadong kasanayan sa pasalita o pasulat na Ingles at maaaring hindi bihasa sa ASL o anumang iba pang kinikilalang sign language.

k. **Mga Serbisyo sa Tulong sa Wika** Ang mga serbisyong pasalita at pasulat na wika na ginagamit upang magbigay sa mga indibidwal na may LEP at/o sa mga D/HOH na makabuluhang ma-access ang, at pantay na pagkakataon para ganap na lumahok sa, mga serbisyo, aktibidad, at iba pang mga programang pinangangasiwaan ng Kagawaran

l. **Makabuluhang Pag-access.** Tulong sa wika na nagreresulta sa tumpak, napapanahon, at epektibong komunikasyon nang walang bayad sa indibidwal na may LEP na nangangailangan ng tulong. Ang makabuluhang pag-access ay tumutukoy sa pag-access na hindi labis na pinaghihigpitan, naantala, o mas mababa kumpara sa mga programa o aktibidad na ibinibigay sa mga indibidwal na bihasa sa Ingles.

m. **Mga Paraan ng Komunikasyon** Ang mga taong Bingi o Hirap sa pandinig ay gumagamit ng iba't ibang paraan sa pakikipag-usap. Ang ilan ay umaasa sa mga interpreter ng sign language o mga kagamitang pantulong sa pakikinig; ang ilan ay umaasang lubos sa mga nakasulat na mensahe. Maraming nakakapagsalita kahit hindi nila naririnig.

n. **Pangunahing Wika** Ang wika kung saan pinakamabisang nakikipag-usap ang isang indibidwal kapag nakikipag-ugnayan sa Kagawaran, kabilang ang sign language o tactile sign language. Ang pangunahing wika ng isang indibidwal ay maaaring isang baryante ng wika.

o. **Programa o Aktibidad.** Ang terminong "programa o aktibidad" at ang terminong "programa" ay nangangahulugang lahat ng mga operasyon ng Kagawaran.⁶⁸

p. **Kwalipikadong Multilinggwal na Tauhan.** Isang empleyado na may kasanayan sa Ingles at may kakayahang magbasa, magsulat, o magsalita sa hindi bababa sa isa pang wika sa antas ng kasanayan na kinakailangan ng bahagi at bilang ipinakita sa pamamagitan ng isang napatunayang pagsusulit sa wika.

q. **Kwalipikadong Tagapagsalin.** Isang in-house o kinontratang tagapagsalin na propesyonal na nasanay at/o nagpakita ng kakayahang magsalin sa pamamagitan ng pambansang sertipikasyon o katulad na pagsubok at awtorisadong gawin ito sa pamamagitan ng kontrata sa Kagawaran o sa pamamagitan ng pag-apruba ng isang bahagi. Ang mga kwalipikadong tagapagsalin ay dapat ding

magpakita ng kaalaman sa mga propesyonal na pamantayan, at pagsunod sa kaukulang propesyonal na koda ng etika, pati na rin ang pagiging pamilyar sa kinakailangang terminolohiya ng DOJ.

- r. **Kwalipikadong Interpreter.** Isang in-house o kinontratang interpreter na propesyonal na nasanay at/o nagpakita ng kakayahang magsalin sa pamamagitan ng sertipikasyon ng korte, Kagawaran ng Estado, o katulad na pagsubok at awtorisadong gawin ito sa pamamagitan ng kontrata sa Kagawaran o sa pamamagitan ng pag-apruba ng isang bahagi. Ang mga kwalipikadong interpreter ay dapat ding magpakita ng kaalaman sa mga propesyonal na pamantayan, at pagsunod sa kaukulang propesyonal na koda ng etika, pati na rin ang pagiging pamilyar sa kinakailangang terminolohiya ng DOJ.
- s. **Katiyakan ng Kalidad.** Ang proseso upang matiyak ang katumpakan, pagkakapare-pareho, kalidad, at pagiging maaasahan ng mga serbisyo ng tulong sa wika.
- t. **Sign Language.** Paraan ng komunikasyon para sa mga taong D/HOH kung saan ang mga galaw ng kamay, mga kilos, at ekspresyon ng mukha ay naghahatid ng istruktura at kahulugan ng gramatika. Walang universal sign language. Iba't ibang sign language ang ginagamit sa iba't ibang bansa o rehiyon. Halimbawa, ang British Sign Language (BSL) ay ibang wika mula sa ASL, at maaaring hindi maintindihan ng mga Amerikanong nakakaalam ng ASL ang BSL.
- u. **Sight Translation.** Pasalita o pagsasalin ng nakasulat na teksto sa pasalita o signed language ng isang interpreter nang walang pagbabago sa kahulugan batay sa isang bisual na pagsusuri ng orihinal na teksto o dokumento.
- v. **Tagline.** Para sa mga layunin ng planong ito, ang terminong ito ay nangangahulugang isang maikling paunawa sa maraming wikang di-Ingles na nagpapaalam sa pangkalahatang publiko na ang isang dokumento (hal., mga paunawa ng mga serbisyo ng tulong sa wika, mga paunawa ng mga karapatan, mga pormularyo, sulat, atbp.) o electronic media (hal. , website, anunsyo sa pamamagitan ng email, atbp.) ay naglalaman ng mahahalagang impormasyon at nagpapaliwanag kung paano humiling ng dokumento o electronic media na ibinigay sa ibang mga wika.⁶⁹
- w. **Pagsasalin.** Ang proseso ng pagsalin ng nakasulat na teksto mula sa isang pinagmulang wika sa isang katumbas na teksto na nakasulat sa isang target na wika nang buo at tumpak hangga't maaari habang pinapanatili ang estilo, tono, at layunin ng teksto, habang isinasaalang alang ang mga pagkakaiba ng kultura at diyalekto.⁷⁰
- x. **Mahalagang Dokumento.** Papel o elektronikong nakasulat na materyal na naglalaman ng impormasyong mahalaga para sa pag-access sa mga programa o aktibidad ng isang bahagi o kinakailangan ng batas.

APENDIKS B: MGA TUNGKULIN AT RESPONSABILIDAD

a. DOJ Language Access Coordinator

Itinatag noong 2021 sa Memorandum ng Abogado Heneral para sa mga Empleyado ng Kagawaran ng Katarungan sa Pagpapabuti ng Mga Pagsisikap ng Kagawaran na Labanan ang Mga Krimen sa Pagkapoot at Mga Insidente ng Poot (Mayo 27, 2021),⁷¹ ang Language Access Coordinator ng Kagawaran ng Katarungan (DOJ Language Access Coordinator) ay nakaupo sa Tanggapan para sa Pag-access sa Katarungan ng Kagawaran, at responsable para sa:

- i. Pagbuo ng isang pangbuong -ahensyang inisyatiba sa sa pag-access sa wika.
- ii. Pagbubuo, pangunguna, at pagtataguyod ng pagkakapareho ng mga patakaran at mga pinakamahuhusay na kagawian na may kaugnayan sa pag-access sa wika sa loob ng Kagawaran.⁷²
- iii. Pagsisiguro ng pare-parehong pagsunod sa pangbuong-Kagawaran sa EO 13166, Planong Aksyon ng Ekwidad ng Kagawaran, EO 13985, at anumang iba pang nauugnay na mandato sa pangbuong-ahensya sa pag-access sa wika.
- iv. Pamumuno sa DOJ Language Access Working Group, isang intra-agency na kumikols na grupo sa pag- access sa wika kasama ang mga kinatawan mula sa mga bahagi na nakikipag-ugnayan sa publiko.
- v. Pinangungunahan ang pagpapatupad at regular na pagsusuri ng DOJ LAP at pagsuporta sa pagpapatupad at pagrepaso ng mga plano sa pag-access sa wika ng mga bahagi.
- vi. Magpapabuti ng pag-access sa, at pangangasiwa sa pagpapalawak at sentralisasyon ng, mga serbisyo ng tulong sa wika sa loob ng Kagawaran upang mapabuti ang bahagi ng pag-access sa mga serbisyo ng interpretasyon at pagsasalin, kabilang ang sa pamamagitan ng paglikha at pagpapanatili ng isang one-stop-shop ng Kagawaran na naglalaman ng mga nauugnay na panloob na mapagkukunan.⁷³
- vii. Pagbubuo at pagtataguyod ng panloob na gabay, mga mapagkukunan, at mga materyales upang palawakin ang pag-access sa wika sa buong Kagawaran.
- viii. Pagbibigay ng gabay at teknikal na tulong para sa mga bahagi ng DOJ, bilang naaangkop, sa kanilang patuloy na pangangailangan sa pag-access sa wika.
- ix. Pagsasaliksik at pagsasama ng mga makabagong istratehiya sa pakikipag-ugnayan, pakikipagtulungan sa, at paglilingkod sa mga indibidwal na may LEP mula sa istratehiyang nakasentro sa mga tao.
- x. Pakikipagtulungan sa Dibisyon ng Karapatang Sibil ng DOJ at iba pang pederal na ahensya tungkol sa mga isyu na may kaugnayan sa pag-access sa wika.
- xi. Pinapagaan ang pakikipag-ugnayan sa pangbuong-Kagawaran sa mga panlabas na stakeholder upang palakasin ang pag-access sa DOJ at iba pang mga serbisyo ng gobyerno ng mga indibidwal na may LEP.

b. Grupong Kumikilos sa Pag-access sa Wika ng DOJ

Itinatag noong 2010, at ibinalik noong 2022, ang Department of Justice Language Access Working Group (DOJ LAWG - Grupong Kumikilos sa Pag-access ng Wika ng Kagawaran ng Katarungan) ay pinamumunuan ng DOJ Language Access Coordinator ayon sa direksyon ng Abogado Heneral at binubuo ng mga kinatawan mula sa mga bahagi ng DOJ na nakikipag-ugnayan sa publiko. Ang DOJ LAWG ay nagpupulong buwan-buwan upang:

- i. Tiyakin na ang mga bahagi ay ganap na sumusunod sa EO 13166 at ipinatupad ang mga obligasyon sa pag-access sa wika ng DOJ sa ilalim ng Planong Aksyon sa Ekwidad ng DOJ.
- ii. Dagdagan ang kamalayan sa mga legal na kinakailangan at pinakamahusay na kasanayan sa pag-access sa wika .
- iii. Suportahan ang mga bahagi at tauhan sa pagpapatupad ng mga bahagi ng mga plano sa pag-access sa wika, mga patakaran, at mga kasanayan.
- iv. Tukuyin at ibahagi ang pinakamahuhusay na kasanayan sa pag-access sa wika at mga mapagkukunan na tumutugon sa pagsasalin, interpreting, pagsasanay, paggamit ng teknolohiya, at iba pang kritikal na isyu sa pag-access sa wika upang tulungan ang mga tauhan sa pakikipag-usap sa mga indibidwal na may LEP.
- v. Magtatag ng mga hakbang sa pagkontrol sa kalidad para sa mga serbisyo ng tulong sa wika.⁷⁴

c. Mga Bahagi ng Kagawaran

Alinsunod sa mga kinakailangan at obligasyon sa itaas, at kung naaangkop ayon sa natatanging misyon at operasyon ng bawat bahagi, ang mga bahagi ng Kagawaran na may mga aktibidad na humaharap sa publiko ay dapat gumawa ng mga makatwirang hakbang upang matiyak ang makabuluhang pag-access sa pamamagitan ng:

- i. Pagtitiyak sa pagsunod sa EO 13166 at iba pang mga obligasyon sa pag-access sa wika ng Kagawaran.⁷⁵
- ii. Pagtitiyak sa pagsunod sa Mga Seksyon 501, 504, at 508 ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973 bilang nauugnay sa epektibong komunikasyon sa at para sa mga indibidwal na D/HOH.⁷⁶
- iii. Pagkilala at pagtugon sa anumang mga puwang sa mga serbisyo ng tulong sa wika para sa mga indibidwal na may LEP o mga indibidwal na D/HOH.
- iv. Pagpapalano para sa at pagbibigay ng makabuluhang pag-access sa mga programa, serbisyo, at aktibidad para sa mga indibidwal na may LEP.
- v. Pagpapanatili, pagsusuri, at pag-update ng mga LAP na espisipiko sa bahagi, kung kinakailangan, alinsunod sa planong pangbuong-Kagawaran nito.
- vi. Pagsasanay ng mga tauhan ayon sa mga bahagi o LAP ng DOJ.
- vii. Pag-abiso sa mga indibidwal na may LEP at/o mga indibidwal na D/HOH, sa isang wikang nauunawaan nila, tungkol sa pagkakaroon ng mga serbisyo sa tulong sa wika sa pamamagitan ng mga website, social media, at iba pang mga hakbangin sa outreach.

- viii. Pagkonsulta sa mga komunidad na may LEP at/o D/HOH na mga komunidad tungkol sa pagbuo at pagpapatupad ng mga naaangkop na programa at aktibidad ng bahagi, mga oportunidad sa pagpopondo, at mga regulasyon.
- ix. Pagtalaga ng hindi bababa sa isang kinatawan ng bahagi upang maglingkod sa DOJ LAWG.
- x. Sa tulong ng DOJ Language Access Coordinator, tinitiyak na ang mga patakaran at programa ng bahagi ay sumusunod sa pinakamahuhusay na kasanayan sa pag-access sa wika.

d. Tauhan ng Bahagi ng DOJ

Ang mga tauhan ng bahagi na nakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na may LEP at mga indibidwal na D/HOH, ay dapat:

- i. Maging pamilyar sa mga Ehekutibong Kautusan 13166, 13985, ang planong ito, at ang planong pag-access sa wika ng kanilang bahagi.
- ii. Maging pamilyar sila sa mga pamantayan para sa epektibo at naa-access na komunikasyon sa mga indibidwal na D/HOH.⁷⁷
- iii. Gumawa ng mga makatwirang hakbang upang magbigay ng makabuluhang pag-access sa mga programa o serbisyo ng Kagawaran sa mga indibidwal na may LEP.
- iv. Maging handa sa epektibong paggamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika kapag nakatagpo sila o may dahilan upang maniwala na maaari silang makatagpo ng mga indibidwal na may LEP habang pinapatupad ang misyon ng kanilang bahagi, o kapag hiniling ng isang taong may LEP na gustong ma-access ang mga programa o aktibidad ng Kagawaran.

Ang Kagawaran ay naglalayong itaguyod ang pinakamataas na pamantayan ng propesyonal na kakayahan at etikal na gawi habang tinutupad ang misyon nito. Dahil dito, ang mga abogado ng Kagawaran ay dapat ding isaalang-alang ang kanilang mga responsibilidad sa ilalim ng naaangkop na mga tuntunin ng propesyonal na gawi kapag nakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na may LEP at/o mga indibidwal na D/HOH, kabilang ang mga walang kumakatawan na partido, biktima, at saksi. Ang Tanggapan ng Pagpapayo ng Propesyonal na Responsibilidad ng Kagawaran ay magagamit upang tulungan ang mga abogado ng Kagawaran sa bagay na ito.

Mga Bahaging Nagbibigay ng Tulong Pinansyal ng Pederal

Bilang karagdagan, ang mga bahagi na nagbibigay ng tulong na pederal sa mga estado at lokal na pamahalaan at iba pang mga entidad, sa pamamagitan man ng pagpopondo, tulong na in-kind, pagsasanay, detalye ng mga tauhan, o iba pang tulong, ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap upang matiyak na ang mga tatanggap ng naturang tulong ay sumusunod sa mga obligasyon ng walang diskriminasyon sa Titulo VI bilang nauugnay ang mga ito sa mga indibidwal na may LEP at mga obligasyon sa ilalim ng Seksyon 501, 504, at 508 ng Batas ng Rehabilitasyon bilang nauugnay ang mga ito sa epektibong komunikasyon sa mga indibidwal na D/HOH.

Ang mga bahagi na nagbibigay ng tulong pinansyal ng pederal ay maaari ding isaalang-alang ang pagsasalin ng mga materyal na preapplication at outreach, gayundin ang pagsasagawa ng mga multilinggwal na mga pagsasanay at kaganapan, upang ipahayag ang mga gawad o programa na maaaring interesado o maaaring makaapekto sa mga komunidad na may LEP. Halimbawa, kung ang isang gawad o programa ay inaasahang makikinabang sa isang komunidad ng mga nagsasalita

ng Vietnamese na may LEP, maaaring isaalang-alang ng isang bahagi ang pagsasalin ng mga naturang materyal sa Vietnamese at pagpapadali sa mga kaganapan sa outreach o pagkakaroon ng interpretasyon na magagamit ng mga miyembro ng komunidad na iyon.

Ang mga bahagi na nagbibigay ng tulong pinansyal ng pederal ay may iba't ibang mekanismo para sa pagtiyak ng pagsunod, kabilang ang pagbibigay ng mga pederal na mga karapatang sibil na katiyakan ng walang diskriminasyon, pagsasagawa ng mga pana-panahong pag-audit, pagsasagawa ng mga pagsisiyasat na nakabatay sa reklamo, at pagpili ng mga tatanggap para sa mga pagsusuri sa pagsunod. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa obligasyon para sa mga bahagi upang matiyak ang pagsunod sa Titulo VI, mangyaring makipag-ugnayan sa [Federal Coordination and Compliance Section ng Civil Rights Division.](#)

¹ *Pagpapabuti sa Pag-access sa mga Serbisyo para sa mga Taong may Limitadong Kahusayan sa Ingles*, Exec. Order No. 13,166, 65 Fed. Reg. 50121 (Ago. 16, 2000). <https://www.govinfo.gov/content/pkg/FR-2000-08-16/pdf/00-20938.pdf>.

[*Improving Access to Services for Persons with Limited English Proficiency*, Exec. Order No. 13,166, 65 Fed. Reg. 50121 (Aug. 16, 2000), <https://www.govinfo.gov/content/pkg/FR-2000-08-16/pdf/00-20938.pdf>.] (English)

² *Pagsusulong ng Pagkakapantay-pantay ng Lahi at Suporta para sa mga Komunidad na Kulang sa Serbisyo sa Pamamagitan ng Gobyernong Pederal*, Exec. Order No. 13,985, 86 Fed. Reg. 7009 (Ene. 20, 2021), <https://www.govinfo.gov/content/pkg/DCPD-202100054/pdf/DCPD-202100054.pdf>

[*Advancing Racial Equity and Support for Underserved Communities Through the Federal Government*, Exec. Order No. 13,985, 86 Fed. Reg. 7009 (Jan. 20, 2021), <https://www.govinfo.gov/content/pkg/DCPD-202100054/pdf/DCPD-202100054.pdf>.] (English)

³ *Pagsusulong ng Ekwidad, Katarungan, at Oportunidad sa mga Asyanong Amerikano, Katutubong Hawayano, at mga Taga-isola Pasipiko*. Order No. 14,031, 86 Fed. Reg. 29675 (Hun. 3, 2021), <https://www.govinfo.gov/content/pkg/FR-2021-06-03/pdf/2021-11792.pdf>

[*Advancing Equity, Justice, and Opportunity for Asian Americans, Native Hawaiians, and Pacific Islanders*, Exec. Order No. 14,031, 86 Fed. Reg. 29675 (Jun. 3, 2021), <https://www.govinfo.gov/content/pkg/FR-2021-06-03/pdf/2021-11792.pdf>.] (English)

⁴ *Mas Pagpapasulong ng Pagkakapantay-pantay ng Lahi at Suporta para sa mga Komunidad na Kulang sa Serbisyo sa Pamamagitan ng Gobyernong Pederal*, Exec. Order No. 14,091, 88 Fed. Reg. 10825 (Peb. 22, 2023), <https://www.govinfo.gov/content/pkg/FR-2023-02-22/pdf/2023-03779.pdf>.

[*Further Advancing Racial Equity and Support for Underserved Communities Through the Federal Government*, Exec. Order No. 14,091, 88 Fed. Reg. 10825 (Feb. 22, 2023), <https://www.govinfo.gov/content/pkg/FR-2023-02-22/pdf/2023-03779.pdf>.] (English)

⁵ Ang Gabay ng LEP sa mga tatanggap ng gawad ng DOJ ay nagbibigay na “[bagaman] walang iisang kahulugan para sa ‘napapanahon’ na naaangkop sa lahat ng uri ng pakikipag-ugnayan sa lahat ng oras ng lahat ng uri ng mga tatanggap, ang isang malinaw na gabay ay ang tulong sa wika ay dapat ibigay sa isang oras at lugar para maiwasan ang pagtangga sa serbisyo, benepisyo, o karapatan na pinag-uusapan o ang pagpapataw ng hindi nararapat na pasanin o pagkaantala sa mahahalagang karapatan, benepisyo, o serbisyo sa taong LEP.” 67 Fed. Reg. 41461 (Hun. 18, 2002).

[LEP Guidance to DOJ grant recipients provides that “[w]hile there is no single definition for ‘timely’ applicable to all types of interactions at all times by all types of recipients, one clear guide is that the language assistance should be provided at a time and place that avoids the effective denial of the service, benefit, or right at issue or the imposition of an undue burden on or delay in important rights, benefits, or services to the LEP person.” 67 Fed. Reg. 41461 (Jun. 18, 2002).] (English)

⁶ Kagawaran ng Katarungan ng U.S., Dibisyon ng mga Karapatang Sibil, *Titulo VI ng Legal na Manwal*, “*Ano ang Tulong Pinansyal ng Pederal?*,” Section V at 4-6 (2021), <https://www.justice.gov/media/1121301/dl?inline>

[U.S. Department of Justice, Civil Rights Division, *Title VI Legal Manual*, “*What is Federal Financial Assistance?*” Section V at 4-6 (2021), <https://www.justice.gov/media/1121301/dl?inline>.] (English)

⁷ Ang Kagawaran ay kumikilala na ang pagtiyak ng ekwidad para sa mga indibidwal na may LEP ay hindi limitado sa pagbibigay ng mga serbisyo sa tulong sa wika at naglalayong lumikha ng mga komprehensibong mekanismo na nagpapadali sa ekwidad sa pagpapalano, outreach, pakikipag-ugnayan ng stakeholder, paglalaan ng mga pondo, paghahatid ng mga serbisyo, pagsasanay ng tauhan, pagkuha, gayundin ang pagganap at pagsusuri bilang itinatag ng planong ito sa pag-access sa wika. Ang ibang ahensya ay ginagamit din ang terminong ito: Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng U.S., *Mga Tip sa Kasanayan s Ekwidad na*

Komunikasyon sa Kontekstong Polisiya, Katya Seligman, et al. (2022), <https://aspe.hhs.gov/sites/default/files/documents/25db6496702d8ee5dace292f7d3925f0/Tips-Equitable-Comm-Practices.pdf>

[The Department recognizes that ensuring equity for individuals with LEP is not limited to the provision of language assistance services and aims to create comprehensive mechanisms that facilitate equity in planning, outreach, stakeholder engagement, allocation of funds, delivery of services, staff training, procurement, as well as performance and evaluation as established by this language access plan. Other agencies use this term as well: U.S. Department of Health and Human Services, *Tips on Equitable Communication Practices in a Policy Context*, Katya Seligman, et al. (2022), <https://aspe.hhs.gov/sites/default/files/documents/25db6496702d8ee5dace292f7d3925f0/Tips-Equitable-Comm-Practices.pdf>.] (English)

⁸ Seksyon 504 ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973 (Seksyon 504) ay nagbabawal sa diskriminasyon base sa kapansanan sa mga programa at aktibidad na tinutulongan ng pederal at isinasagawa ng pederal. 29 U.S.C. § 794. Para sa mga layunin ng diskriminasyon sa trabaho, ang Seksyon 504 ay naglalapat ng parehong mga pamantayan tulad ng mga inilapat sa ilalim ng Titulo I ng Batas ng Mga Amerikanong May Kapansanan. 29 U.S.C. § 794(d). Para sa ibang mga layunin, ang Seksyon 504 ay binibigyang kahulugan para ilapat ang parehong mga mahalagang kinakailangan ayon sa Titulo II ng Batas ng Mga Amerikanong May Kapansanan.

[Section 504 of the Rehabilitation Act of 1973 (Section 504) prohibits discrimination based on disability in federally assisted and federally conducted programs and activities. 29 U.S.C. § 794. For purposes of employment discrimination, Section 504 applies the same standards as those applied under Title I of the Americans with Disabilities Act. 29 U.S.C. § 794(d). For other purposes, Section 504 is interpreted to apply the same substantive requirements as Title II of the Americans with Disabilities Act.] (English)

⁹ Pambansang Asosasyon ng mga Bingi, *Komunidad at Kultura – Mga Tanong na Karaniwang Tinatanong – Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga tao na “bingi,” “Deaf,” o “hirap sa pandinig”?*, <https://www.nad.org/resources/american-sign-language/community-and-culture-frequently-asked-questions>.

[National Association of the Deaf, *Community and Culture – Frequently Asked Questions - What is the difference between a person who is “deaf,” “Deaf,” or “hard of hearing”?*, <https://www.nad.org/resources/american-sign-language/community-and-culture-frequently-asked-questions>.] (English)

¹⁰ Seksyon 501 ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973 (Seksyon 501) ay ipinagbabawal ang diskriminasyon sa trabaho laban sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa pederal na sektor at inatasan ang mga pederal na ahensya na magkaroon ng plano ng programa ng apirmatibong aksyon para sa paghire, paglalagay, at pagpapabuti ng mga indibidwal na may mga kapansanan. 29 U.S.C. § 791 (2011), <https://www.eeoc.gov/statutes/rehabilitation-act-1973>.

[Section 501 of the Rehabilitation Act of 1973 (Section 501) prohibits employment discrimination against individuals with disabilities in the federal sector and requires federal agencies to have an affirmative action program plan in place for the hiring, placement, and advancement of individuals with disabilities. 29 U.S.C. § 791 (2011), <https://www.eeoc.gov/statutes/rehabilitation-act-1973>.] (English)

¹¹ Ang mga tatanggap ng tulong pinansyal ng pederal ay ipinagbabawal na madiskrimina batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan sa kanilang mga programa o aktibidad. Ang pagtanggap ng makabuluhang pag-access sa isang indibidwal na may LEP ay itinuturing na diskriminasyon batay sa bansang pinagmulan. Sa *Lau v. Nichols*, 414 U.S. 563, 569 (1974), ang Korte Suprema ay nagsabi na ang pagtanggap ng ponding pederal sa isang tatanggap ng edukasyon sa isang grupong nagsasalita ng di-Ingles ay lumalabag sa Titulo VI at ang mga regulasyon sa pagpapatupad nito. Sa desisyon nito, ipinaliwanag ng Korte, “[i]t mukhang halata na ang minority na nagsasalita ng Chinese ay tumatanggap ng mas kaunting benepisyo kaysa sa mayoryang nagsasalita ng Ingles mula sa sistema ng paaralan ng mga respondent na tumatanggi sa kanila ng makabuluhang pagkakataong lumahok sa programang pang-edukasyon—lahat ng mga tampok na pagkilala ng diskriminasyon ay ipinagbabawal ng mga regulasyon.” *Id.* at 568.

[Recipients of federal financial assistance are prohibited from discriminating based on race, color, or national origin in their programs or activities. Denial of meaningful access to an individual with LEP is considered discrimination based on national origin. In *Lau v. Nichols*, 414 U.S. 563, 569 (1974), the Supreme Court held that a federal funding recipient’s denial of an education to a group of non-English speakers violated Title VI and its implementing regulations. In its ruling, the Court explained, “[i]t seems obvious that the Chinese-speaking minority receive fewer benefits than the English-speaking majority from respondents’ school system which denies them a meaningful opportunity to participate in the educational program—all earmarks of the discrimination banned by the regulations”. *Id.* at 568.] (English)

¹² Seksyon 508 ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973 (Seksyon 508) ay nag-aatas sa mga pederal na ahensya at kagawaran na bigyan ang mga empleyado at miyembro ng publiko na may kapansanan ng pag-access sa impormasyon na maihahambing sa pag-access na magagamit ng iba, na napapailalim sa ilang mga limitasyon. 29 U.S.C. § 794d. *Tingnan din ang U.S. Access Board, Batas ng Rehabilitasyon ng 1973, Seksyon 508 Elektroniko at Information Technology ng Pederal*, <https://www.access-board.gov/law/ra.html#section-508-federal-electronic-and-information-technology>.

[Section 508 of the Rehabilitation Act of 1973 (Section 508) requires federal agencies and departments to give employees and members of the public who are disabled access to information comparable to the access available to others, subject to certain limitations. 29 U.S.C. § 794d. *See also* U.S. Access Board, *Rehabilitation Act of 1973, Section 508 Federal Electronic and Information Technology*, <https://www.access-board.gov/law/ra.html#section-508-federal-electronic-and-information-technology>.] (English)

¹³ Pagpapabuti ng Pag-access sa Mga Serbisyo para sa mga Taong may Limitadong Kahusayan sa Ingles (Ago.16, 2000), *supra*, nota 2. Ang Kagawaran ay nagtukoy na ang Ehekutibong Kautusan 13166 ay nalalapat lamang sa mga taong nasa loob ng Estados Unidos at mga teritoryo nito at hindi nalalapat sa sa labas ng mga limitasyon ng teritoryo ng isang hurisdiksyon.

[Improving Access to Services for Persons with Limited English Proficiency (Aug. 16, 2000), *supra*, note 2. The Department has determined that Executive Order 13166 applies only to persons who are located within the United States and its territories and does not apply extraterritorially.] (English)

¹⁴ Pagpapasulong ng Pagkakapantay-pantay ng Lahi at Suporta para sa mga Komunidad na Kulang sa Serbisyo sa Pamamagitan ng Gobyernong Pederal (Ene. 20, 2021), *supra* nota 3.

[Advancing Racial Equity and Support for Underserved Communities Through the Federal Government (Jan. 20, 2021), *supra* note 3.] (English)

¹⁵ Pagsusulong ng Ekwidad, Katarungan, at oportunidad sa mga Asyanong Amerikano, Katutubong Hawayano, at mga Taga- isla Pasipiko. (Hun. 3, 2021), *supra* nota 4.

[Advancing Equity, Justice, and Opportunity for Asian Americans, Native Hawaiians, and Pacific Islanders (Jun. 3, 2021), *supra* note 4.] (English)

¹⁶ Mas Pagpapasulong ng Pagkakapantay-pantay ng Lahi at Suporta para sa mga Komunidad na Kulang sa Serbisyo sa Pamamagitan ng Gobyernong Pederal (Peb. 22, 2023), *supra* nota 5.

[Further Advancing Racial Equity and Support for Underserved Communities Through the Federal Government (Feb. 22, 2023), *supra* note 5.] (English)

¹⁷ Tanggapan ng Abogado Heneral, *Memorandum sa mga Pinuno ng Bahagi ng Kagawaran Ukol sa Pag-access sa Wika sa Ilalim ng Ehekutibong Kautusan 13166* (Hunyo 28, 2010), https://www.justice.gov/sites/default/files/crt/legacy/2012/05/04/language_access_memo.pdf. Para sa karagdagang impormasyon, gabay, at tulong teknikal sa pagpapatupad ng Ehekutibong Kautusan 13166 ay mahahanap sa www.LEP.gov.

[Office of the Attorney General, *Memorandum to Heads of Department Components Regarding Language Access Obligations Under Executive Order 13166* (June 28, 2010), https://www.justice.gov/sites/default/files/crt/legacy/2012/05/04/language_access_memo.pdf. Further

information, guidance, and technical assistance on the implementation of Executive Order 13166 can be found at www.LEP.gov.] (English)

¹⁸ Tanggapan ng Abogado Heneral, *Memorandum sa mga Pinuno ng Ahensyang Pederal, mga Pangkalahatang Tagapayo, at Pinuno ng mga Karapatang Sibil Ukol sa mga Obligasyon sa Binagong Pangako sa Pag-access sa Wika ng Pamahalaang Pederal sa Ilalim ng Ehekutibong Kautusan 13166* (Feb. 17, 2011), <https://www.justice.gov/media/735081/dl?inline>.

[Office of the Attorney General, *Memorandum to Heads of Federal Agencies, General Counsels, and Civil Rights Heads Regarding Federal Government's Renewed Commitment to Language Access Obligations Under Executive Order 13166* (Feb. 17, 2011), <https://www.justice.gov/media/735081/dl?inline>.] (English)

¹⁹ Tanggapan ng Abogado Heneral, *Memorandum para sa mga Empleyado ng Kagawaran ng Katarungan sa Pagpapabuti ng Mga Pagsisikap ng Kagawaran na Labanan ang Mga Krimen sa Poot at Mga Insidente ng Poot* (Mayo 27, 2021), <https://www.justice.gov/media/1143466/dl?inline>.

[Office of the Attorney General, *Memorandum for Department of Justice Employees on Improving the Department's Efforts to Combat Hate Crimes and Hate Incidents* (May 27, 2021), <https://www.justice.gov/media/1143466/dl?inline>.] (English)

²⁰ Tanggapan ng Abogado Heneral, *Memorandum para sa mga Pinuno ng Ahensyang Pederal, mga Pinuno ng mga Tanggapan ng mga Karapatang Sibil at mga Pangkalahatang Tagapayo Ukol sa Pagpapalakas ng Pangako sa Pag-access sa Wika ng Pamahalaang Pederal* (Nob. 21, 2022), <https://www.justice.gov/media/1260736/dl?inline>.

[Office of the Attorney General, *Memorandum for Heads of Federal Agencies, Heads of Civil Rights Offices and General Counsels Regarding Strengthening the Federal Government's Commitment to Language Access* (Nov. 21, 2022), <https://www.justice.gov/media/1260736/dl?inline>.] (English)

²¹ Kagawaran ng Katarungan ng U.S., *FYs 2022-2026 Estratihikong Plano* (Oktubre 2022), <https://www.justice.gov/doj/doj-strategic-plan/doj-strategic-plan-2022-2026>.

[U.S. Department of Justice, *FYs 2022-2026 Strategic Plan* (October 2022), <https://www.justice.gov/doj/doj-strategic-plan/doj-strategic-plan-2022-2026>.] (English)

²² Kagawaran ng Katarungan ng U.S., *Plano ng Aksyong Ekwidad* (2022), <https://www.justice.gov/equity>.
[U.S. Department of Justice, *Equity Action Plan* (2022), <https://www.justice.gov/equity>.] (English)

²³ Kagawaran ng Katarungan ng U.S., *Pagpapatupad ng Titulo VI ng Batas ng mga Karapatang Sibil ng 1964 — Diskriminasyon sa Bansang Pinagmulan Laban sa mga Taong may Limitadong Kahusayan sa Ingles*, 65 Fed. Reg. 50,123 (Ago. 16, 2000), <https://www.justice.gov/crt/fcs/TitleVI>.

[U.S. Department of Justice, *Enforcement of Title VI of the Civil Rights Act of 1964 — National Origin Discrimination Against Persons with Limited English Proficiency*, 65 Fed. Reg. 50,123 (Aug. 16, 2000), <https://www.justice.gov/crt/fcs/TitleVI>.] (English)

²⁴ Kagawaran ng Katarungan ng U.S., *Gabay sa mga Tatanggap ng Tulong Pinansyal ng Pederal Ukol sa Titulo VI Pababawal Laban sa Diskriminasyon sa Bansang Pinagmulan na Nakakaapekto sa mga Taong may Limitadong Kahusayan sa Ingles*, 65 Fed. Reg. 50,123 (Ago. 16, 2000), <https://www.justice.gov/crt/doj-final-lep-guidance-signed-6-12-02>.

[U.S. Department of Justice, *Guidance to Federal Financial Assistance Recipients Regarding Title VI Prohibition Against National Origin Discrimination Affecting Limited English Proficient Persons*, 65 Fed. Reg. 50,123 (Aug. 16, 2000), <https://www.justice.gov/crt/doj-final-lep-guidance-signed-6-12-02>.] (English)

²⁵ Para sa higit pang impormasyon sa kung ano ang bumubuo sa mga programa at aktibidad na isinagawa ng pederal at tinulungan ng pederal, tingnan ang Kagawaran ng Katarungan ng U.S., *Dibisyon ng mga Karapatang Sibil, Mga Karaniwang Tinatanong na Tanong & Mga Sagot Ukol sa Ehekutibong Kautusan 13166* (2019), <https://www.justice.gov/crt/eo-13166>. Maraming mga gawain at tungkulin ng Kagawaran ang isinasagawa ng mga kinontratang tauhan at, dahil dito, ang mga kinontratang tauhan ay maaaring may pakikipag-ugnayan sa

mga indibidwal na may LEP at/o mga D/HOH. Ang mga bahagi ay dapat ipaalam sa mga kinontratang tauhan ang obligasyon para masiguro na walang diskriminasyon, kasama ang pagsunod sa Ehekutibong Kautusan 13166. Ang mga bahagi ay dapat ikonsidera ang mga kontraktor at mga intern na may pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na may LEP kapag tinutukoy kung sino ang kailangang bigyan ng paliwanag sa kanilang mga tungkulin at responsibilidad sa ilalim ng mga patakaran, plano, at pamamaraan sa pag-access sa wika ng Kagawaran.

[For more information on what constitutes federally conducted and federally assisted programs and activities, see U.S. Department of Justice, Civil Rights Division, *Commonly Asked Questions & Answers Regarding Executive Order 13166* (2019), <https://www.justice.gov/crt/eo-13166>. Many Department tasks and functions are conducted by contracted staff and, consequently, contracted staff may interact with individuals with LEP and/or who are D/HOH. Components should notify contracted staff of the obligation to ensure nondiscrimination, including compliance with Executive Order 13166. Components should consider contractors and interns having contact with individuals with LEP when determining who needs to be briefed on their roles and responsibilities under the Department’s language access policies, plan, and procedures.] (English)

